

RosettaStone[®]



FILIPINO

Level 3

FILIPINO
PHILIPPINISCH
FILIPPINO

Course Content

Contenido del curso
Contenu du cours
Kursinhalt
Contenuto del corso

VERSION 3

RosettaStone®



FILIPINO

Level 3

FILIPINO
PHILIPPINISCH
FILIPPINO

Course Content

Contenido del curso
Contenu du cours
Kursinhalt
Contenuto del corso

VERSION 3

CCB-FIL-L3-1.0 - 105157

ISBN 978-1-60829-024-6

All information in this document is subject to change without notice. This document is provided for informational purposes only and Rosetta Stone Ltd. makes no guarantees, representations or warranties, either express or implied, about the information contained within the document or about the document itself. Rosetta Stone®, Contextual Formation™, Language Learning Success™, Adaptive Recall™, Dynamic Immersion™ are trademarks of Rosetta Stone Ltd. Copyright © 2008 Rosetta Stone Ltd. All rights reserved.

Printed in the United States of America

Rosetta Stone

Harrisonburg, Virginia USA

T (540) 432-6166 • (800) 788-0822 in USA and Canada

F (540) 432-0953

RosettaStone.com

Mga Nilalaman

Tahanan at Kalusugan

1.1	Batayang Aralin.....	1
1.2	Batayang Aralin.....	3
1.3	Batayang Aralin.....	4
1.4	Batayang Aralin.....	6
1.5	Pananda ng Kahusayan.....	8

Buhay at Daigdig

2.1	Batayang Aralin.....	8
2.2	Batayang Aralin.....	10
2.3	Batayang Aralin.....	12
2.4	Batayang Aralin.....	14
2.5	Pananda ng Kahusayan.....	16

Mga Pang-araw-araw na Bagay

3.1	Batayang Aralin.....	17
3.2	Batayang Aralin.....	19
3.3	Batayang Aralin.....	22
3.4	Batayang Aralin.....	24
3.5	Pananda ng Kahusayan.....	26

Mga Lugar at Pangyayari

4.1	Batayang Aralin.....	27
4.2	Batayang Aralin.....	29
4.3	Batayang Aralin.....	31
4.4	Batayang Aralin.....	33
4.5	Pananda ng Kahusayan.....	35

Alpabeto	37
-----------------------	-----------

Indeks	38
---------------------	-----------

1.1 Batayang Aralin

- 01 bakod
bakod
bakod
hardin
hardin
swimming pool
- 02 Nakaupo ang dalawang bata sa bakod.
Sira ang bakod na ito.
Kumakain siya ng tanghalian sa hardin.
Nagbabasa siya ng diyaryo sa hardin.
Nasa loob ang swimming pool na ito.
Nasa labas ang swimming pool na ito.
- 03 May hardin sa tabi ng swimming pool.
Nasa likod ng bahay ang hardin.
May bulaklak sa tabi ng bakod.
Nasa likod ng bakod ang swimming pool.
- 04 Umaakyat ako sa bakod.
Tumatalon ang batang babae mula sa bakod.
Umaakyat ang babae sa hagdan.
Tumatalon ang lalaki mula sa hagdan.
- 05 Umaakyat siya sa puno.
Umaakyat sila sa puno.
Tatalon ako mula sa kama.
Tumalon ako mula sa kama.
- 06 Tumatalon ang batang babae.
Tumatalon ang kabayo sa ibabaw ng bakod.
Ihinahagis ng lalaki ang bola.
Ihinahagis ng babae ang bola sa ibabaw ng tent.
- 07 Ihahagis niya ang bola.
Ihinahagis niya ang bola.
Ihinagis niya ang bola.
- 08 Ihinahagis ng batang babae ang bola sa ibabaw ng kotse.
Tumatalon ang lalaki sa ibabaw ng tubig.
Ihinahagis ng batang lalaki ang bola sa ibabaw ng bakod.
- 09 Umaakyat ang batang babae sa lamesa.
Tumatalon ang batang lalaki mula sa lamesa.
Umaakyat ang babae sa yate.
Tumatalon ang batang lalaki mula sa yate.
- 10 Tumatalon ang pusa sa kama.
Tumatalon ang batang babae mula sa bakod.
Umaakyat ang batang lalaki sa lamesa.
- 11 Ihinahagis ng batang babae ang bola.
Sinasalo ng batang lalaki ang bola.
Ihinahagis ng babae ang bulaklak.
Sinasalo ng lalaki ang bulaklak.
Ihinagis niya ang tuwalya.
Sinalo niya ang tuwalya.
- 12 Ihahagis niya ang bola.
Ihinagis niya ang bola.
Sasaluhin niya ang orange.
Sinalo niya ang orange.
- 13 Huwag ninyong ihagis ang bola sa hardin!
Huwag kang tumalon sa bakod!
Huwag kayong umakyat sa puno!
- 14 Gumagana ang telebisyonang ito.
Hindi gumagana ang telebisyonang ito.
Gumagana ang orasang ito.
Hindi gumagana ang orasang ito.
- 15 Gumagana ba ang computer na ito?
Hindi, hindi ito gumagana.
Gumagana ba ang mga kamerang ito?
Oo, gumagana ang mga ito.
- 16 Kinukumpuni ng tatay ang laruan ng anak niya.
Kinukumpuni niya ang bakod.
Kinukumpuni niya ang eroplano.
Kinukumpuni ko ang bisikleta.
- 17 Hindi gumagana ang celpon ko. Pakikumpuni naman.
Hindi gumagana ang computer namin.
Kinukumpuni niya ito.
Sira ang laruan niya. Kinukumpuni ito ng lolo niya.
Sira ang radyo ko. Kaya mo ba itong kumpunihin?
- 18 Madali ito.
Mahirap ito.
Madali ito.
Mahirap ito.
- 19 Madaling ihagis ang bolang ito.
Mahirap ihagis ang maleta.
Madaling umakyat dito.
Mahirap umakyat dito.
- 20 Madaling mag-iski dito.
Mahirap mag-iski dito.
Madaling lumangoy dito.
Mahirap lumangoy dito.

1.1 Pagpapatuloy

- 21 Madaling kumpunihin ang bisikletang ito.
Mahirap kumpunihin ang computer na ito.
Madaling kumpunihin ang bakod na ito.
Mahirap kumpunihin ang kotseng ito.
- 22 Madaling gawin ito.
Mahirap gawin ito.
Madaling gawin ito.
Mahirap gawin ito.
- 23 Bakit ka umakyat sa puno?
Dahil gusto kong kumain ng mansanas.
Bakit hindi mo sinalo ang bola?
Dahil napakaliit ko po.
- 24 Bakit hindi mo binasa ang libro?
Dahil napakahirap pong basahin.
Bakit hindi pumunta sa salu-salo si Marilou?
Dahil binibisita niya ang New York.
- 25 Makakapag-iski tayo kagaya nila balang araw.
Makakapagsayaw ako kagaya niya balang araw.
Makakatugtog ako ng gitara kagaya ng tatay ko balang araw.
Makakapaglaro ako ng soccer kagaya niya balang araw.
- 26 Mahirap sumayaw kagaya nila.
Mahirap magmaneho kagaya niya.
Mahirap tumalon kagaya niya.
- 27 Mukhang kotse ang cake na ito.
Mukhang bulaklak ang napking ito.
Mukhang mukha ito.
- 28 Magkamukha ang anak at ang tatay.
Magkamukha ang mga babae.
Magkamukha ang mga lalaki.
Hindi magkamukha ang mga batang babaeng ito.
- 29 Nag-uusap sila sa sinehan.
Nagmamahalan sila.
Nagsusulatan ang lalaki at ang asawa niya.
Nagyayakapan ang nanay at ang anak niya.
- 30 Nag-uusap ang dalawang batang babae.
Nagtutulungan ang mga lalaki.
Nagtutulungan sila sa trabaho.
Nagsasayawan sila.
- 31 Gusto mo ba ang pulang bestida?
Hindi. Gusto ko ang asul.
Gusto mo ba ang brown na sumbrero?
Hindi. Gusto ko ang itim.
Bakit hindi mo bilhin ang puting polong ito?
Dahil mas gusto ko ang grey.
- 32 May pasaporte po ba kayo?
Opo, mayroon ako.
Gusto mo ba ng salad?
Hindi, salamat. Mayroon ako.
- 33 Gusto mo ba ng mansanas?
Hindi, salamat. Mayroon ako.
Kailangan mo bang mag-arkila ng bisikleta?
Hindi, salamat. Mayroon ako.
- 34 Umaakyat ba ang anak mo sa lamesang iyon?
Hindi. Hindi ko anak iyon.
Kamukha ng batang iyon ang anak mo.
Nasa swimming pool ang anak ko.
- 35 Gumagana ba ang computer?
Hindi, hindi gumagana. Sira.
Bakit hindi mo kinumpuni kahapon?
Dahil kinumpuni ko ang aking bisikleta.
Gumagana na ba ang bisikleta mo ngayon?
Oo, gumagana na.

1.2 Batayang Aralin

- 01 kalan
kalan
kalan
dishwasher
dishwasher
ref
- 02 Nasa kalan ang karneng manok.
Nasa ref ang orange juice.
Nasa dishwasher ang mga baso.
- 03 Kagamitan sa pagkain ang tasa.
Kagamitan sa pagkain ang mangkok.
Kagamitan sa pagkain ang plato.
Kagamitan sa pagkain ang baso.
- 04 Gusto mo ba ng isang basong tubig?
Hindi, salamat. Mayroon ako.
Gusto mo ba ng isang basong gatas?
Hindi po, mayroon po ako.
- 05 Nasa counter ang baso ng orange juice.
Nasa tabi ng counter ang ref.
Nasa ilalim ng counter ang dishwasher.
- 06 Marurumi ang mga kagamitan sa pagkain na nasa lababo.
Malilinis ang mga kagamitan sa pagkain na nasa dishwasher.
Marurumi ang mga plato at basong nasa counter.
- 07 Puno ng gatas ang baso.
Puno ng mga kagamitan sa pagkain ang lababo.
Walang laman ang dishwasher.
Walang laman ang ref.
- 08 Mabaho ang basurahan.
Mabango ang malinis na kobre-kama.
Puno ang basurahan.
Walang laman ang mangkok.
- 09 Puno ang baso.
Walang laman ang baso.
Puno ang basurahan.
Walang laman ang basurahan.
- 10 May bintana sa kisame.
Puti ang kisame.
Gawa sa kahoy ang sahig na ito.
Nasa sahig ang basurahan.
Kinukumpuni ng lalaki ang sahig.
Kinukumpuni nila ang kisame.
- 11 Pakiwalis naman ang sahig.
Winawalis niya ang kusina.
Winawalis niya ang labas ng groseri.
Winawalis ko ang hagdanan.
- 12 Wawalisin niya ang sahig.
Winawalis namin ang sahig.
Winalis ko ang sahig.
- 13 Itinatapon ko ang basura.
Pakitapon naman ang basura.
Itinatapon niya ang basura.
- 14 Huhugasan niya ang mga kagamitan sa pagkain.
Hinuhugasan ng batang babae ang mga kagamitan sa pagkain.
Hinugasan ko ang mga kagamitan sa pagkain.
- 15 Pakihugasan naman ang mga kagamitan mo sa pagkain.
Pakihilamos naman ang mukha mo.
Pakilaba naman ang mga damit ninyo.
- 16 Pakiwalis naman ang hagdanan.
Pakitapon naman ang basura.
Pakikumpuni naman ang silya.
Pakilaba naman ang mga damit.
- 17 Nagbebenta ng karpeta ang lalaki.
Nasa labas ang supa.
Nasa sahig ang pulang karpeta.
May tatlong tao sa supa.
- 18 Nasa supa ang pusa at nasa tabi ng supa ang babae.
Nakaupo sa sahig ang sanggol at nakaupo sa supa ang nanay niya.
Nakaupo sa supa ang babae at nasa likod ng supa ang lalaki.
- 19 Binabakyum ko ang kisame.
Binabakyum ko ang karpeta.
Pakibakyum naman ang hagdanan.
Binabakyum niya ang supa.
- 20 Anong binabakyum mo?
Binabakyum ko ang sahig sa ilalim ng supa.
Anong binabakyum mo?
Binabakyum ko ang sahig sa ilalim ng karpeta.
- 21 Nililinis ng babae ang kotse.
Nililinis ko ang sala.
Nililinis ng estudyante ang aklatan.
Nilinis namin ang aming kuwarto.

1.2 Pagpapatuloy

- 22 Pakilinis naman ang kusina.
Nililinis ko ang kusina.
Pakilinis naman ang kuwarto mo.
Nililinis ko po ang aking kuwarto.
- 23 Puno ng tubig ang bathtub.
Walang laman ang bathtub.
Nasa tabi ng inidoro ang lababo.
Berde ang shower.
- 24 Nililinis ng babae ang sahig.
Nililinis ng lalaki ang inidoro.
Pakilinis naman ang lababo.
Nililinis ko ang bintana.
- 25 Nasa lababo ang pusa.
Nasa shower ang batang lalaki.
Nililinis ko ang lababo.
Nililinis ko ang shower.
- 26 Nililinis nila ang bathtub.
Nililinis ko ang counter.
Nililinis ng batang lalaki ang sahig.
- 27 Maliligo ako.
Naliligo ang magkapatid.
Naligo ang batang lalaki.
- 28 Magsa-shower ang batang babae.
Nagsa-shower siya sa labas.
Nag-shower ako.
- 29 Naliligo ang babae.
Nagsa-shower ang babae.
Maliligo ako.
Magsa-shower ako.
- 30 Itinapon ko ang basura.
Kailangan kong linisin ang sahig ngayon.
Hinugasan ko ang mga kagamitan sa pagkain.
Kailangan kong walisin ang sahig ngayon.
- 31 Anong kailangan nating gawin ngayon?
Kailangan nating linisin ang banyo.
Lilinis ko ang lababo.
Lilinis ko ang bathtub.
Lilinis mo ba ang inidoro?
Oo. Lilinis ko pagkatapos mong walisin ang sahig.
- 32 Saan ka pupunta?
Pupunta po kami sa parke.
Nilinis mo na ba ang kuwarto mo?
Opo, nilinis ko na po ang kuwarto ko.
Binakyum mo na ba ang sahig?
Hindi po, hindi ko po ginawa. Babakyumin ko po ang sahig pagbalik ko sa bahay.

1.3 Batayang Aralin

- 01 Malakas ang lalaking ito.
Mas malakas ang lalaking ito.
Malakas ang babaeng ito.
Mas malakas ang babaeng ito.
- 02 Malakas ang lalaki.
Hindi malakas ang lalaki.
Malakas ang babae.
Hindi malakas ang batang babae.
- 03 Sinong mas malakas?
Mas malakas ang babae kaysa sa lalaki.
Sinong mas malakas?
Mas malakas ang lalaki kaysa sa babae.
- 04 Nag-eehersisyo ang batang lalaki.
Hindi nag-eehersisyo ang lalaki. Nagbabasa siya.
Hindi nag-eehersisyo ang mga babae. Nag-uusap sila.
Nag-eehersisyo ang babae.
- 05 Malakas siya dahil nag-eehersisyo siya.
Nag-eehersisyo ako ng Lunes, Miyerkules, at Huwebes.
Nag-eehersisyo kami sa dalampasigan.
- 06 Nagsasanay sila ng soccer.
Nagsasanay ng golf ang lalaki sa opisina niya.
Nagsasanay ako ng tennis.
- 07 Nakasuot ng dilaw ang kuponan ng Brazil.
Nakasuot ng asul ang kuponan ng Pransiya.
May anim na batang lalaki sa kuponang ito.
May labing-isang batang babae sa kuponang ito.
- 08 Nagsasanay ang kuponan ng soccer.
Nagsasanay ang kuponan ng tennis.
Kinukunan niya ng litrato ang kuponan ng golf.
- 09 Para sa aling kuponan ka maglalaro?
Maglalaro ako sa kuponan ng soccer.
Bakit ka nagsasanay ngayon?
Dahil may laro ang aking kuponan ng soccer bukas.
- 10 Nagsasanay ng piano ang batang babae.
Nagsasanay ng biyolin ang batang lalaki sa kuwarto niya.
Nagsasanay ng gitara ang babae sa sala.
Nagsasanay ng biyolin ang lalaki sa teatro.
- 11 Nagsasanay ako ng biyolin sa loob.
Nagsasanay ako ng gitara sa labas.
Nagsasanay ako ng soccer sa loob.
Nagsasanay ako ng soccer sa labas.

- 12 Dapat kang sumakay sa bus na ito. Mas mabilis ito.
Dapat mong inumin ito. Malamig sa labas.
Dapat mong pakinggan ito. Maganda ito.
- 13 Gusto kong kumain ng tsokolate pero hindi dapat.
Gusto kong manood ng telebisyon pero dapat akong mag-ehersisyo.
Gusto kong sumayaw pero dapat kong walisin ang sahig.
Gusto kong umuwi ng maaga pero hindi dapat.
- 14 Dapat siyang maglinis ng kanyang kuwarto.
Hindi mo dapat bilhin iyan. Napakamahal niyan.
Hindi mo dapat isuot iyan. Hindi kasya iyan.
- 15 Dapat ko bang isuot ang itim na amerikana o ang grey na amerikana?
Dapat mong isuot ang grey na amerikana.
Dapat ko bang isuot ang asul na bestida o ang itim na bestida?
Dapat mong isuot ang asul na bestida.
- 16 Dapat po ba akong magsanay?
Oo, dapat kang magsanay.
Dapat ko po bang ilagay sa sahig ang biyolin?
Hindi. Dapat mong ilagay ang biyolin sa lamesa.
- 17 May tao sa pinto.
May gustong makipag-usap sa iyo.
May tao sa opisina.
May tao sa shower.
- 18 May nagsasanay ng gitara.
May nag-eehersisyo.
May naghuhugas ng mga kagamitan sa pagkain.
May tao sa kotse.
- 19 May bumibili nito.
May kumukuha ng litrato.
May gumagawa nito.
- 20 Kailangan nating maghanap ng mas magandang lugar para makapaglaro ng soccer.
Kailangan nating maghanap ng mas magandang lugar para makapagsanay ng instrumento.
Naghahanap siya ng lugar na makakainan.
Naghahanap sila ng lugar na makakampingan.
- 21 Magandang lugar ito para lumangoy.
Magandang lugar ito para magsanay ng soccer.
Masamang lugar ito para mag-ehersisyo.
Magandang lugar ito para mag-iski.
- 22 Naghahanap sila ng lugar para makapag-aral.
Nakahanap sila ng lugar para makapag-aral.
Naghahanap kami ng lugar para makapag-ehersisyo.
Nakahanap kami ng lugar para makapag-ehersisyo.
- 23 May sumulat ng liham sa akin!
Naghahanap siya ng makakain.
Magiging sikat na mang-aawit ako balang araw.
- 24 Minsan nakatira ang mga aso sa loob, pero minsan nakatira sila sa labas.
Minsan madali ang matematika at minsan mahirap.
Minsan kinukunan ko ng litrato ang mga tao, at minsan kinukunan ko ng litrato ang mga hayop.
- 25 Minsan nagsusuot kami ng palda sa eskuwelahan, at minsan nagsusuot kami ng pantalon.
Palagi kaming nagsusuot ng palda sa eskuwelahan.
Minsan umiinom ako ng kape sa umaga, at minsan umiinom ako ng tsaa.
Palagi akong umiinom ng kape sa umaga.
- 26 Minsan malamig dito. Minsan mainit.
Palaging malamig dito.
Hindi kailanman malamig dito.
- 27 Palaging maasim ang dayap.
Hindi kailanman maasim ang tsokolate.
Palaging matamis ang asukal.
Hindi kailanman matamis ang paminta.
- 28 Palagi akong nagsa-shower bago pumunta sa trabaho.
Hindi ako kailanman kumakain ng karne.
Minsan gutom siya, at minsan uhaw siya.
Palaging may nakatayo dito.
Hindi kami kailanman nag-iiski sa tag-araw.
Minsan umaalis ako ng maaga sa trabaho.
- 29 Saan kayo nagsasanay?
Minsan nagsasanay kami dito. Minsan nagsasanay kami sa eskuwelahan.
Kailan kayo nagsasanay dito?
Nagsasanay kami dito sa taglagas.
Kailan kayo nagsasanay sa eskuwelahan?
Sa taglamig.

1.4 Batayang Aralin

- 01 dalawang mata
tainga
ilong
bibig
- 02 Ano ito?
Binti ito ng batang lalaki.
Ano ito?
Braso ito ng batang babae.
- 03 braso
binti
mata
tainga
ilong
bibig
- 04 Mga binti ko ito.
Braso ko ito.
Mga mata ko ito.
Mga tainga ko ito.
Ilong ko ito.
Bibig ko ito.
- 05 Nasaktan niya ang kanyang braso.
Nasaktan ko ang aking ilong.
Nasaktan niya ang kanyang mata.
Nasaktan ko ang aking binti.
- 06 Nasaktan ng batang lalaki ang kanyang tuhod.
Nasaktan ko ang aking siko.
Nasa tuhod ng lalaki ang kanyang mga kamay.
Nasa lamesa ang mga siko ng babae.
- 07 Kailangan ko po ng bendahe sa aking tuhod.
May bendahe siya sa kanyang daliri.
May bendahe siya sa kanyang braso.
- 08 May bendahe ako sa aking mga siko.
May bendahe sila sa kanilang mga tuhod.
May bendahe siya sa kanyang binti.
May bendahe siya sa kanyang tuhod.
- 09 Nagbabasa siya habang naglalakad.
Nagtatrabaho siya habang sumasakay ng bus.
Tumatakbo siya habang umuulan.
- 10 Nag-iiski siya.
Nahuhulog siya.
Nagbibisikleta siya.
Nahuhulog ang batang babae.
Nangangabayo siya.
Nahuhulog ang lalaki.
- 11 Kumakain ng mansanas ang babae habang nagbibisikleta.
Nahuhulog mula sa bisikleta niya ang babae.
Nahulog mula sa bisikleta niya ang babae.
- 12 Nahuhulog mula sa bisikleta niya ang lalaki.
Nahulog mula sa bisikleta niya ang lalaki.
Nahuhulog mula sa bakod ang batang babae.
Nahulog mula sa bakod ang batang babae.
- 13 Nahulog po ako mula sa aking bisikleta. May bendahe po ba kayo?
Nasaktan ko ang aking siko.
Nauuhaw ako. May tubig ka ba?
May sakit ako. May gamot ka ba?
- 14 Anong nangyari?
Lumabas ako noong umuulan.
Anong nangyari?
Umaakyat po ako sa puno at nahulog ako.
- 15 Anong nangyari?
Nahulog po ako, at nasaktan ko ang aking braso.
Anong nangyari?
Noong nag-iiski sila, nahulog sila, at nasaktan ang kanilang mga binti.
- 16 Anong nangyari?
Nilabhan ni Nanay ang sweater mo.
Anong nangyari?
Sumayaw ako nang tatlong oras kagabi.
Anong nangyari?
Pumunta ako sa dalampasigan, at maaraw.
- 17 Anong nangyari?
Nahulog ako mula sa kabayo.
Anong nangyari?
Tumalon po ako mula sa bakod.
- 18 Anong nangyari?
Nahulog po ako mula sa bisikleta.
Nasaktan ba ang tuhod mo?
Hindi po. Nasaktan ko po ang aking siko.
Gusto mo ba ng bendahe?
Opo, gusto ko po.
- 19 ulo
ulo
ulo
tiyan
tiyan
braso

- 20 Masakit ang ulo ng batang lalaki.
Masakit ang tiyan ng batang babae.
Masakit ang tainga ko.
Masakit ang ilong niya.
- 21 Masakit ang ulo ko.
Masakit ang tiyan ng anak ko.
Masakit ang braso ng babae.
Masasakit ang mga mata ko.
Masakit ang ilong ng babae.
Masakit ang bibig niya.
- 22 Anong problema?
Masakit po ang tainga ko.
Anong problema?
May sakit po ako.
- 23 Anong problema?
Masakit ang ulo ko.
Anong problema?
Masakit ang mata ko.
- 24 Anong temperatura sa labas?
Dalawang sentigrado. Dapat kang mag-coat.
Anong temperatura sa labas?
Tatlumpung sentigrado. Dapat tayong pumunta sa dalampasigan.
- 25 Anong temperatura ng sanggol?
Tatlumpu't pitong sentigrado.
Ano pong temperatura ko?
Tatlumpu't walong sentigrado.
- 26 Anong problema?
Tatlumpu't siyam na sentigrado ang temperatura niya.
Tatawagan ko ang doktor.
Nasa ref ang numero ng telepono ng doktor.
- 27 Umiinom siya ng gamot gamit ang isang basong tubig.
Kailangan mong uminom ng gamot pagkatapos ng hapunan.
Inumin po ninyo itong gamot na may gatas.
- 28 Kumakain siya ng almusal nang isang beses sa isang araw.
Umaalis ang tren papuntang Paris nang dalawang beses sa isang araw.
Inumin mo ang gamot na ito nang dalawang beses sa isang araw.
Umiinom ako ng kape nang isang beses sa isang araw.
- 29 Dapat kang magsipilyo ng ngipin nang dalawang beses sa isang araw.
Umaalis nang isang beses sa isang araw ang flight papuntang Barcelona.
Inumin po ninyo ito nang apat na beses sa isang araw.
Umaalis nang anim na beses sa isang araw ang bus papuntang kabisera.
- 30 Naglalaro ka ba ng tennis?
Oo, naglalaro ako nang tatlong beses sa isang linggo.
Umiinom ka ba ng gamot?
Oo, umiinom ako nang isang beses sa isang araw.
- 31 Anong problema?
Masakit po ang tiyan ko.
Tatlumpu't walong sentigrado ang temperatura mo.
Dapat kang uminom ng gamot na ito nang tatlong beses sa isang linggo.
- 32 Mag-ingat kayo. Basa ang sahig.
Mag-ingat kayo. May kotse.
Mag-ingat ka. Umaakyat ka sa napakataas na puno.
- 33 Mag-ingat ka kapag nagbibisikleta ka.
Mag-ingat ka kapag kinukumpuni mo ang kotse.
Mag-ingat ka kapag nagmamaneho ka sa niyebe.
Mag-ingat ka kapag nakikipaglaro ka sa sanggol.
- 34 Mag-iiski ba kayo bukas?
Oo, mag-iiski kami sa umaga.
Mag-ingat kayo!
- 35 Magandang umaga, Glen.
Magandang umaga po, Doktor Umali.
Anong problema?
Masakit po ang ulo ko.
- 36 Anong nangyari?
Nahulog po ako mula sa hagdan.
Inumin mo ito nang dalawang beses sa isang araw.
Salamat po.
Mag-ingat ka kapag nasa hagdan. Sige.
Sige po.

1.5 Pananda ng Kahusayan

- 01 Puwede mo bang dalhin sa akin ang hagdan?
Oo, dadalhin ko sa iyo ang hagdan.
- 02 Sira ba?
Oo, sira.
- 03 Kailangan mo ba ng tulong?
Hindi, salamat. Hindi ko kailangan ng tulong.
- 04 Anong problema?
Masakit ang tuhod ko.
- 05 Anong nangyari?
Nahulog ako.
- 06 Kailangan mo ba ng bendahe?
Hindi, salamat. Hindi ko kailangan ng bendahe.
- 07 Gusto mo ba ng mansanas?
Hindi, salamat. Mayroon ako.
- 08 Sino pong titira dito?
Isang pamilya mula sa London. May dalawang anak sila.
- 09 Magkasama ba kayo sa parehong kuponan ng soccer?
Opo, magkasama po kami sa parehong kuponan ng soccer.
- 10 Nagsasanay ba kayo ngayon?
Hindi po, hindi po kami nagsasanay ngayon.
May laro po kami ng alas-tres.
- 11 Dapat ko bang bakyumin ang sahig?
Oo, dapat mong bakyumin ang sahig.
- 12 Gumagana ba?
Hindi, hindi gumagana.
- 13 Dapat ko bang walisin ang sahig?
Oo, dapat mong walisin ang sahig.
- 14 Anong oras sila darating?
Darating sila ng alas-tres.

2.1 Batayang Aralin

- 01 Nanalo ang mga lalaki.
Nanalo ang babae.
Nanalo ang batang babae.
Nanalo ang batang lalaki.
- 02 Natatalo ang asul na kotse.
Nananalo ang pulang kotse.
Natatalo ang pulang kuponan.
Nananalo ang berdeng kuponan.
Nanalo kami.
Natalo ako.
- 03 Nanalo ang batang babae, at natalo ang batang lalaki.
Masaya sila dahil nanalo sila.
Malungkot ang lalaki dahil natalo siya.
Nanalo ang nakaberdeng lalaki.
- 04 Walang sinuman ang kumakain.
Tumatakbo ang bawat isa.
Nagsasalita ang bawat isa.
Walang sinuman ang naglalaro.
- 05 Walang sinuman ang tumatalon.
Tumatalon ang bawat isa.
Walang sinuman ang nakaupo.
Nakaupo ang bawat isa.
- 06 Walang nasa ilalim ng kama.
Asul ang lahat ng nasa lamesa.
Walang nasa opisina.
Marumi ang lahat ng nasa lababo.
- 07 Walang nasa karpit.
May nasa damuhan.
Nasa sahig ang lahat.
- 08 Walang bago sa kuwartong ito.
May kulay orange sa salang ito.
Maliit ang lahat ng nasa bahay na ito.
- 09 Walang nasa ref. Nasa counter ang lahat.
Walang nasa counter. Nasa ref ang lahat.
Walang nasa lababo. Nasa lamesa ang lahat.
Walang nasa lamesa. Nasa lababo ang lahat.
- 10 May sapat na bolpen para sa lahat.
Kulang ang silya para sa lahat.
Kulang ang kape para sa lahat.
May sapat na panghimagas para sa lahat.
- 11 May sapat bang baso para sa lahat?
Oo, may sapat na baso para sa lahat.
May sapat bang tinidor para sa lahat?
Hindi, kulang ang tinidor para sa lahat.

- 12 Naka-asul ang kuponang ito.
Maglalaro ako sa kuponan na naka-asul.
Nananalo ang kuponan na naka-asul.
Natalo ang kuponan na naka-asul.
- 13 Nakapulang sweater ang isa sa mga asong ito.
Nakikipaglaro siya sa aso na nakapulang sweater.
Tumatakbo siya kasama ang aso na nakapulang sweater.
- 14 Nananalo ang batang lalaki.
Masaya ang batang lalaki na nanalo.
Nahuhulog ang batang babae.
Nasaktan ang braso ng batang babae na nahulog.
Natatalo ang lalaki.
Malungkot ang lalaki na natalo.
- 15 Nagtuturo ng sining ang babaeng ito.
Nakikipag-usap ang babaeng nagtuturo ng sining sa batang babae.
Bumibili ng painting ang babaeng nagtuturo ng sining.
- 16 Aling musikero ang kaibigan mo?
Kaibigan ko ang musikero na tumutugtog ng gitara.
Aling flight ang sasakyan mo?
Sasakay po ako sa flight na aalis ng alas-singko y medya ng hapon.
- 17 Kailangan ko ng tao na magkukumpuni sa dishwasher ko.
Kailangan niya ng tao na makikipaglaro sa kanya.
Kailangan nila ng tao na aakyat sa punong ito.
Kailangan namin ng tao na tutulong sa aming bumili ng bahay.
- 18 Kailangan ko ng isang tao na nagsasalita ng wikang Filipino.
Marami akong kaibigan na magaling kumanta.
Kailangan ko ng isang tao na magaling sumayaw.
- 19 Nagtatrabaho kami sa kuwartong may mga bintana.
Gusto naming magtatrabaho sa kuwartong may mga bintana.
May kapatid ako na tumutugtog ng piano.
Kailangan ko ng isang tao na tumutugtog ng gitara.
- 20 Ano pong maipaglilingkod ko sa inyo?
Kailangan ko ng isang taong nagsasalita ng wikang Intsik.
Ano pong maipaglilingkod ko sa inyo?
Naghahanap kami ng bestida na maisusuot niya para sa costume party.
- 21 Alam mo ba ang pangalan niya?
Oo, John ang pangalan niya.
Alam mo ba kung nasaan na tayo?
Oo, nandito tayo.
- 22 Alam ko kung magkano ang pera ko.
Hindi ko alam kung ilan.
Alam niya kung magkano ito.
Walang may alam kung ilan ang isda sa karagatan.
- 23 Hindi niya alam na nasa bahay sila.
Hindi ko alam kung nasaan ang susi ko.
Hindi nila alam kung ano iyon.
Hindi alam ng babae na dinalhan siya ng bulaklak ng lalaki.
- 24 Alam mo ba kung sino siya?
Hindi, hindi ko alam kung sino siya.
Alam mo ba kung ilan ang taong darating?
Apat na tao ang darating.
- 25 Alam niyang malamig sa labas.
Hindi alam ng mga magulang na nanonood ang mga anak nila.
Alam nila na nanonood ang mga nanay nila.
- 26 Alam nila kung saan makakahanap ng isda.
Hindi niya alam kung nasaan ang kotse niya.
Hindi nila alam na natutulog ang sanggol.
Alam niyang natutulog ang sanggol.
- 27 Alam mo ba kung may sapat kang pera?
Oo, may sapat akong pera.
Alam mo ba kung matatalo ang pulang kuponan?
Hindi, hindi ko alam kung matatalo ang pulang kuponan.
- 28 Alam mo ba kung pupunta siya sa museo?
Hindi, hindi ko alam kung pupunta siya sa museo.
Alam mo ba kung tumutugtog siya ng piano?
Hindi, hindi ko alam kung tumutugtog siya ng piano.
- 29 Kailangang manalo ang kuponang mula sa Pransiya!
Kailangang makinig ka sa musikang ito!
Gusto kong tawagan mo ako.
Tatlumpu't siyam na sentigrado ang temperatura mo. Kailangan mong pumunta sa doktor.
- 30 Marahil, magiging maaraw ngayon.
Marahil, uulan ng niyebe ngayong gabi.
Marahil, uulan bukas.

2.1 Pagpapatuloy

- 31 Nanalo ng limang laro ang pulang kuponan at natalo ng isang laro noong nakaraang buwan. Mananalo marahil ang pulang kuponan sa larong ito.
Natalo ng mas maraming laro ang dilaw na kuponan kaysa sa asul na kuponan noong nakaraang buwan.
Matatalo marahil ang dilaw na kuponan sa larong ito.
- 32 Aling bestida ang bibilhin mo?
Kahit kasya ang asul na bestida, bibilhin ko marahil ang pulang bestida.
Bakit?
Dahil mura ang pulang bestida.
- 33 Pupunta ba kayo sa Roma o sa Paris?
Kahit gusto naming pumunta sa Roma, pupunta kami marahil sa Paris.
Bakit kayo pupunta sa Paris?
Dahil gusto naming pumunta sa museo ng sining sa Paris.
- 34 Aling kuponan ang mananalo?
Kahit magaling maglaro ang dilaw na kuponan, mananalo marahil ang asul na kuponan.
Bakit?
Dahil nananalo ngayon ang asul na kuponan.
- 35 Alin ang mas gusto mo, tag-araw o taglamig?
Kahit mainit at maaraw ang panahon sa tag-araw, mas gusto ko ang taglamig.
Bakit mo mas gusto ang taglamig?
Dahil gusto kong mag-iski.
- 36 Walang nagdala ng panghimagas.
Alam mo ba kung may sapat tayong cake para sa mga bisita?
Kulang marahil. Kailangan nating bumili ng cake.

2.2 Batayang Aralin

- 01 Isang bansa ang Ehipto sa kontinente ng Afrika.
Isang bansa ang Italya sa kontinente ng Europa.
Isang bansa ang Brazil sa kontinente ng Timog Amerika.
Isang bansa ang Amerika sa kontinente ng Hilagang Amerika.
Isang bansa at isang kontinente ang Australia.
Isang bansa ang Tsina sa kontinente ng Asya.
- 02 Afrika ang kontinenteng ito.
Europa ang kontinenteng ito.
Timog Amerika ang kontinenteng ito.
Hilagang Amerika ang kontinenteng ito.
Asya ang kontinenteng ito.
Antartika ang kontinenteng ito.
Australia ang kontinenteng ito.
- 03 Isa itong kasal sa Afrika.
Isa itong kasal sa Timog Amerika.
Isa itong kasal sa Europa.
- 04 Isa itong libing sa Asya.
Isa itong libing sa Hilagang Amerika.
Isa itong libing sa Afrika.
- 05 Isa itong kasal sa Asya.
Isa itong libing sa Europa.
Isa itong libing sa Asya.
Isa itong kasal sa Europa.
- 06 Isa itong libro tungkol sa mga hayop sa Antartika.
Nanonood siya ng sine tungkol sa mga pamilya sa Afrika.
Isa itong libro tungkol sa mga yate.
Isa itong sine tungkol sa kasaysayan ng Asya.
- 07 Nasa trabaho siya pero iniisip niya ang tungkol sa kanyang pamilya.
Iniisip niya ang tungkol sa mga lolo at lola niya.
Iniisip ko ang tungkol sa asawa ko.
- 08 Anong iniisip mo?
Iniisip ko ang tungkol sa laro sa susunod na linggo.
Anong iniisip mo?
Iniisip ko ang tungkol sa kasal ko sa susunod na buwan.
- 09 Ipinanganak ang lolo ko noong taong sanlibo't siyam na raan at isa.
Pinakasalan niya ang lola ko noong taong sanlibo't siyam na raan at dalawampu't dalawa.
Tumira siya ng limampu't dalawang taon sa Pransiya.
Pumanaw siya noong taong sanlibo't siyam na raan at walumpu't tatlo.

- 10 Ikakasal ang babaeng ito sa Asya.
Ipinanganak ang hayop na ito sa Australia.
Pumanaw ang lalaking ito sa Antartika.
- 11 Maligayang bati sa iyong bagong panganak na sanggol!
Maligayang bati sa inyong bagong bahay!
Nakikiramay kami sa iyo.
Nakikiramay ako sa iyo.
- 12 Ikakasal ako ngayon.
Maligayang bati sa inyong kasal!
Ipinanganak ang anak namin kahapon.
Maligayang bati sa inyong bagong panganak na sanggol.
Pumanaw ang tatay ko noong isang linggo.
Nakikiramay ako sa iyo.
- 13 Pumanaw ang lola ko noong nakaraang buwan.
Nakikiramay ako sa iyo.
Ipinanganak ang anak ko ng alas-onse kagabi.
Maligayang bati!
- 14 Sana laruan ito.
Oo! Laruan!
Sana laruan ito.
Hindi laruan. T-shirt.
- 15 Sana may mahanap ako.
May nahanap ako.
Sana masalo ko itong bola.
Hindi ko nasalo ang bola.
- 16 Sana huwag umulan sa kasal ko.
Umulan sa kasal ko.
Sana magsilang ako ng babaeng sanggol.
Nagsilang ka ng lalaking sanggol.
- 17 Sana manalo ang kuponan namin.
Natalo ang kuponan namin.
Sana pakasalan ng babae ang lalaki.
Pakakasalan ng babae ang lalaki.
- 18 Masasaya kami.
Takot sila.
Malungkot ako.
- 19 Masasaya sila dahil nakikipaglaro sila sa isa't isa.
Malungkot ang babae dahil aalis siya.
Takot siya dahil hindi pa siya kailanman nagmaneho.
- 20 Malulungkot ang mga tao sa libing na ito.
Masasaya ang mga tao sa kasal na ito.
Takot siya dahil nawawala siya.
- 21 Ikinasal ang lola ko sa Afrika sandaang taon na ang nakalipas.
Ipinanganak ako sa Timog Amerika labinlimang taon na ang nakalipas.
Tumira ako sa Asya sampung taon na ang nakalipas.
Ipinanganak siya sa Europa apat na araw na ang nakalipas.
- 22 Ikinasal kami dalawampung taon na ang nakalipas.
Dalawampung taon na kaming kasal.
Pumanaw ang lalaking ito tatlong libong taon na ang nakalipas.
Tatlong libong taon na siyang patay.
- 23 Ikinasal kami limampung taon na ang nakalipas.
Naglayag ang mga tao mula Europa papuntang Hilagang Amerika limandaang taon na ang nakalipas.
Nahulog po ako mula sa bisikleta ko dalawang oras na ang nakalipas.
Maraming taon nang patay ang lalaking ito.
Dalawampu't limang taon na silang kasal.
Isang taon na silang kasal.
- 24 Labinlimang taon na akong nag-aaral ng musika.
Sampung taon na siyang naglalaro ng golf.
Limang taon na silang nakatira sa Australia.
- 25 Anong ginagawa mo?
Nag-aaral ako ng wikang Filipino.
Gaano ka na katagal nag-aaral ng wikang Filipino?
Pitong buwan na akong nag-aaral ng wikang Filipino.
- 26 Nagtatayo sila ng bahay.
Nagtatayo sila ng istadyum ng soccer.
Nagtatayo sila ng templo.
Nagtatayo sila ng tulay.
- 27 Itinayo nila ang ospital na ito sa Afrika.
Itinatayo nila ang ospital na ito sa Timog Amerika.
Itatayo nila ang ospital na ito sa Asya.
- 28 Gaano na ninyo katagal itinatayo ang eskuwelahang ito?
Isang taon na naming itinatayo ang eskuwelahang ito.
Gaano na niya katagal itinatayo ito?
Isang linggo na niyang itinatayo ito.

2.2 Pagpapatuloy

- 29 Natapos ko nang basahin ang libro kagabi.
Kailangan ko ng bagong libro.
Natapos na naming itayo ang bahay na ito isang buwan na ang nakalipas. Nakatira na kami ngayon dito.
Natapos na niyang linisin ang kuwarto niya sampung minuto na ang nakalipas. Naglalaro na siya ngayon ng mga laruan niya.
- 30 Gaano katagal na ninyo itinatayo ang bahay na ito?
Dalawang taon na naming itinatayo ang bahay na ito.
Kailan ninyo ito matatapos itayo?
Sana matapos naming itayo ito bago ipanganak ang sanggol namin.
Tuloy po kayo sa bago naming bahay.
Maligayang bati!
- 31 Marahil malapit nang ipanganak ang sanggol niya.
Ipinanganak na ang sanggol nila.
Malapit na silang ikasal.
Kasal na sila.
- 32 Malapit na po bang umulan?
Hindi, hindi pa malapit umulan.
Kainin mo ang gulay mo.
Kinain ko na po ang gulay ko!
- 33 Malapit na ba ninyong matapos linisin ang kusina?
Tapos na po naming linisin ang kusina!
Malapit na ba ninyong matapos kumpunihin ang tulay?
Tapos na po naming kumpunihin ang tulay.

2.3 Batayang Aralin

- 01 Nasa hilaga ng Afrika ang Europa.
Nasa silangan ng Afrika ang Australia.
Nasa timog ng Afrika ang Antartika.
Nasa kanluran ng Afrika ang Timog Amerika.
- 02 Nasa kanluran ng Hapon ang Tsina.
Nasa hilaga ng Tsina ang Rusya.
Nasa silangan ng Pransiya ang Italya.
Nasa timog ng Rusya ang Australia.
- 03 Nasa pagitan ng babae at lalaki ang puno.
Nasa pagitan ng mga babae ang batang babae.
Nasa pagitan ng mga tao ang aso.
Nasa pagitan ng mga basong puno ang basong walang laman.
- 04 Ito ang Dagat Pasipiko.
Ito ang Dagat Artiko.
Ito ang Dagat Atlantiko.
Ito ang Dagat Indiano.
- 05 Nasaan ang Dagat Indiano?
Nasa silangan po ng Afrika ang Dagat Indiano.
Nasaan ang Dagat Artiko?
Nasa hilaga po ng lahat ng mga kontinente ang Dagat Artiko.
Nasaan ang Dagat Atlantiko?
Nasa pagitan po ng Timog Amerika at Afrika ang Dagat Atlantiko.
- 06 Naglalayag ang lalaki sa Dagat Atlantiko.
Lumalangoy ang hayop na ito sa Dagat Artiko.
Naglalakad ako sa tabi ng Dagat Indiano.
Lumalangoy sila sa Dagat Pasipiko.
- 07 Nasa timog ng Pransiya ang Espanya.
Nasa silangan ng Dagat Pasipiko ang Mexico.
Nasa pagitan ng Alemanya at Espanya ang Pransiya.
Nasa hilaga ng Pransiya ang Britanya.
- 08 Una, umalis ang flight ko mula sa Mexico.
Tapos, dumating ang flight ko sa Britanya.
Tapos, sumakay ako ng tren papuntang timog sa Pransiya.
Sa huli, nagmaneho ako papuntang silangan sa Alemanya.
- 09 Aalis ang flight ko sa Miyerkules mula sa Australia.
Darating ito sa Espanya ng Huwebes.
Mananatili ako sa Espanya nang isang linggo.
Sa huli, sasakay ako ng tren papuntang Alemanya.

- 10 Naglalakad ang lalaki sa disyerto.
Nakatira ang hayop na ito sa disyerto.
Nasa gubat ang mga bulaklak na ito.
Nasa tabi ng dalampasigan ang gubat.
- 11 Saan mo kinunan ang litratong ito?
Kinunan ko ito sa disyerto sa Mexico.
Saan mo kinunan ang litratong ito?
Kinunan ko ito sa gubat sa Brazil.
- 12 halaman
halaman
halaman
hayop
hayop
tao
- 13 Malalaking halaman ang mga puno.
Maliit na halaman ito.
May bulaklak ang ilan sa mga halaman.
Walang bulaklak ang ilan sa mga halaman.
- 14 Saan po tumutubo ang mga halamang ito?
Tumutubo ang mga halamang ito sa gubat.
Saan po tumutubo ang mga halamang ito?
Tumutubo ang mga halamang ito sa disyerto.
- 15 Puno ito ng mansanas.
Puno ito ng pine.
Puno ito ng orange.
- 16 Ano pong tumutubo dito?
Damuhan.
Ano pong tumutubo dito?
Puno ng pine.
Ano pong tumutubo dito?
Puno ng orange.
- 17 Anong uri ng puno ito?
Puno ito ng mansanas.
Anong uri ng puno ito?
Puno ito ng pine.
- 18 Anong sinabi niya?
Sinabi niya na atrasado ang tren na papuntang
Alemania.
Anong sinabi niya?
Sinabi niya na kailangan po ninyong uminom ng
gamot.
- 19 Mawalang-galang na, anong sinabi mo?
Sinabi kong gusto ko ang polo mo.
Mawalang-galang na, anong sinabi mo?
Sinabi kong kailangan ko ng mas malaking
maleta.
- 20 Anong sinabi ng titser?
Sinabi niyang tumutubo ang halamang ito sa
gubat.
Anong sinabi ng doktor?
Sinabi niyang dapat kong inumin ang gamot na
ito dalawang beses sa isang araw.
Anong sinabi ng pulis?
Sinabi niyang nasa kanluran ang parke mula dito.
- 21 Anong sinabi ng titser?
Sinabi niyang nasa Europa ang Britanya.
Anong sinabi ng titser?
Sinabi niyang nasa Afrika ang Ehipto.
- 22 Hawak ng nanay ang anak niya.
Hawak ng titser ang laptop.
Hawak nila ang mapa.
- 23 Hawak ko ang aking pusa.
Hawak ng batang babae ang mga bulaklak.
Hawak namin ang litrato ng isa't isa.
- 24 Kaya mo bang hawakan ito?
Pasensiya na. Hindi ko kayang hawakan.
Kaya mo bang hawakan ito?
Oo, kaya kong hawakan.
- 25 apoy
apoy
apoy
yelo
yelo
buhangin
- 26 Maraming buhangin sa disyerto.
Maraming buhangin sa dalampasigan.
Maraming yelo sa Antartika.
May apoy sa kakahuyan.
- 27 Gawa sa yelo ang estatuwang ito.
Mukhang apoy ito, pero gawa ito sa papel.
Gawa sa buhangin ang gusaling ito.
- 28 Sa kanya ang bahay na ito.
Sa kanya po ba ang bahay na ito?
Oo, sa kanya.
Sa kanya ang asong ito.
Sa kanya po ba ang asong ito?
Hindi, hindi sa kanya.
- 29 Kaninong yate ito?
Sa kanya.
Kaninong kamay ito?
Sa kanya.

2.3 Pagpapatuloy

- 30 Kaninong mga laruan ito?
Sa amin po ang mga laruan na kotseng ito.
Sa amin ang bolang ito.
Kaninong mga instrumento ito?
Sa akin po ang tambol.
Sa akin po ang gitara.
- 31 Sa lalaki ang asong iyon.
Sa babae ang asong iyon.
Sa akin ang asong ito.
Sa amin ang asong ito.
- 32 Gusto ko ang bahay na ito.
Salamat! Sa akin ito. Itinayo ko ito.
Gusto ko ang painting na ito.
Salamat! Sa kanya ito. Ibinigay ko ito sa kanya.
Gusto ko ang halamang ito.
Salamat! Sa amin ito. Binili namin ito ngayong umaga.
- 33 Kaninong pusa ito?
Sa kanya po!
Hindi, sa kanya po!
Pasensiya na po. Sa akin ito.
Gutom ba?
Opo, gutom.

2.4 Batayang Aralin

- 01 Nakatira sa disyerto ang mga kamelyo.
Nakatira sa karagatan ang mga balyena.
Nakatira sa gubat ang mga unggoy.
- 02 Nakatira sa Antartika ang mga penguin.
Nakatira sa Asya ang mga tigre.
Nakatira sa Asya at Afrika ang mga elepante.
- 03 Nasa tubig ang elepante.
Tumatakbo ang tigre.
Lalangoy ang mga penguin ito.
Lumalangoy ang balyena.
May isang taong nakasakay sa kamelyo.
Nasa puno ang unggoy.
- 04 kamelyo
balyena
unggoy
tigre
elepante
penguin
- 05 Dilaw ang ibong ito.
Pula ang ibong ito.
Nakatayo sa bulaklak ang ibong ito.
Nakatayo sa puno ang ibong ito.
- 06 Berde ang mga ibong ito.
Lumalangoy ang mga ibong ito.
Kakain ang ibong ito.
Kayang magsalita ng ibon niya.
- 07 Brown ang isa sa mga tupang ito.
Itim at puti ang mga bakang ito.
Puti ang mga bibeng ito.
Brown ang mga manok na ito.
- 08 tupa
baka
bibe
manok
- 09 Ibon ang mga penguin.
Ibon ang mga manok.
Ibon ang mga bibe.
- 10 Hindi kayang lumipad ng mga penguin pero magaling silang lumangoy.
Lumilipad papunta sa hilaga ang mga ibon.
Hindi kayang lumipad ng mga ibong ito pero kaya nilang tumakbo ng napakabilis.
Lumilipad sa ibabaw ng lawa ang bibe.

- 11 Lumilipad ang puting ibon.
Nasa tubig ang penguin.
Lumalangoy ang mga balyena.
Lumilipad ang mga bibeng ito.
- 12 Maganda ang ibong ito.
Pangit ang mga ibong ito.
Maganda ang kalyeng ito.
Pangit ang kalyeng ito.
- 13 Pangit ang pusa ko.
Pangit ang aso ko.
Magaganda ang mga kabayo mo.
Magaganda ang mga baka ko.
- 14 Maganda ang estatuwang ito.
Pangit ang estatuwang ito.
Maganda ang bestida ko.
Pangit ang bestida ko.
- 15 May humihiho sa ibon.
May humihiho sa yelo.
May humihiho sa libro.
- 16 Puwede mong hipuin ang halamang ito.
Puwede mong hipuin ang hayop na ito pero mag-
ingat ka.
Gusto mo bang hipuin ang kabayo?
- 17 insekto
insekto
insekto
ahas
ahas
palaka
- 18 Mapanganib uminom nito.
Hindi mapanganib uminom nito.
Mapanganib hipuin ang ahas na ito.
Hindi mapanganib hipuin ang ahas na ito.
- 19 Huwag mong hipuin ang kalan na iyan. Mainit
iyan.
Huwag mong hipuin ang hayop na iyan. Marumi
iyan.
Huwag mong hipuin ang palakang iyan.
Mapanganib iyan.
- 20 Mapanganib sumakay sa kabayong ito.
Hindi mapanganib sumakay sa mga kabayong ito.
Mapanganib magkamping dito.
Hindi mapanganib magkamping dito.
- 21 Maganda ang palakang ito pero mapanganib.
Huwag mong hipuin.
Pangit ang palakang ito pero hindi mapanganib.
Puwede mong hipuin.
Maganda ang insektong ito at hindi mapanganib.
Puwede mong hipuin.
Pangit at mapanganib ang insektong ito. Huwag
mong hipuin.
- 22 Sana makahanap tayo ng palaka.
Sana makasakay tayo sa mga kamelyo.
Mapanganib lumangoy kasama ang mga pating.
Mapanganib hipuin ang tigre.
- 23 Sana makunan niya ng magandang litrato ang
mga elepante.
Sana makunan niya ng magandang litrato ang
mga penguin.
Sana makunan nila ng magagandang litrato ang
pating.
- 24 Hindi siya takot sa mga insekto.
Hindi takot ang pusa sa aso.
Takot siya sa mga pating.
Takot sila sa ahas.
- 25 Takot akong hipuin ang insekto, pero sabi ng
tatay ko hindi mapanganib.
Sabi ng nanay ko, mula sa Afrika ang mga hayop
na ito.
Takot akong hipuin ang tupa, pero sabi ng titser
ko hindi mapanganib.
Sabi ng lolo ko, mula sa Australia ang mga ahas
na ito.
- 26 Sa amin ang unggoy na ito.
Sa kanila ang bibeng iyon.
Sa amin ang mga manok na ito.
Sa kanila ang mga bakang iyon.
- 27 Sa inyo ba ang susing ito?
Opo, sa amin po.
Sa iyo ba ang asong iyon?
Hindi po, sa kanila po.
- 28 Alin ang baso ko?
Ito ang sa iyo.
Alin ang upuan ko?
Iyon ang sa iyo.
Mawalang-galang na po, sa inyo po ba ito?
Opo, salamat. Sa akin po ito.

2.4 Pagpapatuloy

- 29 Sa iyo ang maletang ito.
Sa iyo ang mga bolang ito.
Mawalang-galang na po, sa inyo po ba itong payong?
Sa inyo itong mga coat.
- 30 Sa iyo ba ang kotseng ito?
Hindi, sa kanila.
Sa akin ba ang basong ito?
Oo, sa iyo.
Sa iyo ba ang mga batang ito?
Hindi, sa kanila.
- 31 Gusto ko ang mga iyan. Mas malalaki ang sa iyo kaysa sa akin.
Masarap ang sa iyo, pero mas masarap ang sa kanya kaysa sa iyo.
Tingnan ninyo ang kotseng iyon! Mas marumi ang sa kanila kaysa sa atin.
Tumutugtog siya ng biyolin. Tingnan mo, mas bago ang sa kanya kaysa sa iyo.
- 32 Maganda po ang ibon ninyo. Mula po saan iyan?
Mula ito sa gubat ng Afrika.
Ano pong nangyari?
Nasaktan ito.
Kaya po ba nitong lumipad?
Hindi nito kayang lumipad, pero makakaya nito sa loob ng dalawang linggo.

2.5 Pananda ng Kahusayan

- 01 Kaya mo bang kumpunihin ito?
Hindi, hindi ko kayang kumpunihin ito.
- 02 Magandang hapon.
Magandang hapon.
- 03 Will Norton ang pangalan ko. Ito ang asawa kong si Julia.
Ikinagagalak ko kayong makilala. Catherine ang pangalan ko. Anong nangyari?
- 04 Hindi gumagana ang kotse namin. Puwede mo ba kaming tulungan?
Kaya marahil ng asawa ko na kumpunihin ito.
- 05 Nandito ba siya?
Wala, wala siya dito. Nagtatrabaho siya pero malapit na siyang umuwi.
- 06 Gusto ba ninyong maghintay sa loob?
Oo, salamat.
- 07 Tuloy kayo sa bahay namin!
Salamat!
- 08 Anak ba ninyo ito?
Oo, anak namin ito.
- 09 Kailan siya ipinanganak?
Ipinanganak siya dalawang buwan na ang nakalipas.
- 10 Gusto mo ba siyang hawakan?
Oo, gusto ko siyang hawakan.
- 11 Gaano na katagal nakatira ang pamilya mo dito?
Maraming taon nang nakatira ang pamilya ko dito.
- 12 Itinayo ng lolo ko ang bahay na ito pitumpu't limang taon na ang nakalipas.
Napakagandang bahay.
- 13 Kailan kayo ikinasal?
Ikinasal kami pitong taon na ang nakalipas.
- 14 Anong iniisip mo?
Iniisip ko ang tungkol sa kasal natin.
- 15 Gusto ba ninyong kumain ng tanghalian kasama kami?
Oo, salamat.
- 16 May sapat bang tasa para sa lahat?
Oo, sapat ang tasa.
- 17 Sa inyo ba ang kotseng iyon?
Oo, sa amin ang kotseng iyon.
- 18 Kaya mo bang kumpunihin ito?
Oo, kaya kong kumpunihin ito.
- 19 Salamat!
Walang anuman.
- 20 Gumagana ba?
Oo, gumagana.

3.1 Batayang Aralin

- 01 Naglalayag siya kasama ng kanyang asawa.
Naglalakad siya sa parke kasama ng kanyang nobya.
Bumibili siya ng mansanas kasama ng kanyang asawa.
Nag-iiski siya kasama ng kanyang nobyo.
Naglilinis ng kanilang bahay ang babae at ang asawa niya.
Magkikita ang lalaki at ang kanyang nobya para sa almusal.
- 02 Ito ang nobyo kong si Tomas.
Ikinagagalak kitang makilala, Tomas.
Ito ang nobya kong si Rebecca.
Ikinagagalak kitang makilala, Rebecca.
- 03 Naniniwala akong mananalò ang kuponang Pilipino sa laro.
Naniniwala akong uulan ngayong gabi.
Naniniwala siyang walang tao sa bahay.
Naniniwala akong nandito ang coat ko.
- 04 Naniniwala akong nasa aklatan ang nobya ko.
Naniniwala silang natutulog ang anak nila.
Naniniwala akong malapit ang kotse natin sa restawrang iyon.
- 05 Naniniwala akong kaya kong kumpunihin ito.
Hindi ako naniniwalang uulan ngayon.
Naniniwala akong magandang lugar ito para kumain.
Naniniwala akong malapit nang umulan ng niyebe.
- 06 Naniniwala ka bang matatalo ang kuponan natin?
Oo, naniniwala akong matatalo tayo.
Naniniwala ka bang mananalò ang kuponan natin?
Oo, naniniwala akong mananalò tayo.
- 07 Kilala mo ba ang nobyo kong si Nicholas?
Oo. Nagtatrabaho kami dati sa parehong opisina.
Kilala mo ba ang nobya kong si Maria?
Hindi. Ikinagagalak kitang makilala, Maria.
- 08 Ito ang kaibigan kong si Luis. Kilala ba ninyo ang isa't isa?
Hindi, hindi namin kilala ang isa't isa.
Suzanne ang pangalan ko.
Ikinagagalak kitang makilala, Suzanne.
Ikinagagalak kitang makilala, Luis.
- 09 John! Anong ginagawa mo sa New York?
Dito na ako nakatira.
Kilala mo ba ang asawa kong si Julia?
Hindi, hindi ko siya kilala. John ang pangalan ko.
Ikinagagalak kitang makilala, John.
Ikinagagalak kitang makilala, Julia.
- 10 Sa palagay niya, hindi magaling magluto ang nobyo niya.
Sa palagay ko, pangit ang pulang sapatos.
Sa palagay ng babae, hindi siya magaling kumanta.
Sa palagay namin, masarap ang cake.
- 11 Naniniwala silang interesante ang matematika.
Naniniwala silang nakakabagot ang kasaysayan.
Napaka-interesante ng libro niya.
Nakakabagot ang libro niya.
- 12 Naniniwala siyang nakakabagot ang museong ito.
Naniniwala siyang napaka-interesante ng siyensiya.
Interesante ang libro para sa kanya pero nakakabagot ang telebisyon.
Interesante ang laro para sa mga lalaki pero nakakabagot para sa mga nobya nila.
- 13 Interesante ang sineng ito.
Nakakabagot ang sineng ito.
Interesante ang librong ito.
Nakakabagot ang librong ito.
- 14 Iyon ba ang nobyo niya?
Oo. Naniniwala akong ikakasal sila sa susunod na taon.
Naniniwala ka bang asawa niya iyon?
Hindi. Hindi siya kasal. Nobya niya iyon.
- 15 Kilala mo ba si Peter?
Oo, kilala ko si Peter. Isa siya sa mga estudyante ko.
Kailan mo siya nakilala?
Nakilala ko siya tatlong buwan na ang nakalipas.
- 16 Paano kayo nagkakilala ni Daniel?
Dati kaming mga estudyante sa parehong kolehiyo.
Kailan mo nakilala si Daniel?
Nakilala ko siya dalawang taon na ang nakalipas.
- 17 Kailan po kayo nagkakilala ni Tatay?
Nagkakilala kami noong binibisita niya ang Roma at nagtatrabaho ako doon.
Saan po kayo nagkakilala?
Nagkakilala kami sa restawran kung saan ako nagtatrabaho.

3.1 Pagpapatuloy

- 18 Nagsimula siyang magturo ng sining dalawampu't limang taon na ang nakalipas. Dalawampu't limang taon na siyang nagtuturo ng sining. Nakilala ko siya limampung taon na ang nakalipas. Limampung taon na kaming magkakilala.
- 19 Nabasa na ba ng nobya mo ang librong ito? Oo, nabasa na niya. Nakumpuni na ba ng nobyo mo ang dishwasher? Hindi pa, hindi pa niya nakukumpuni. Ilang libro na ang nabasa mo ngayong taong ito? Nakapagbasa na po ako ng sampung libro, at dalawa sa mga ito ang napaka-interesante.
- 20 Dalawang beses na po akong nakapaglinis ng kuwarto ko ngayong linggong ito! Nakasulat na ng apat na liham ang mga magulang ko sa akin ngayong buwang ito. Nakapag-ensayo na po ako ng piano ngayon. Hindi, salamat. Nakakain na ako ng tanghalian ngayon.
- 21 Mapanganib ang paglangoy dito. Hindi mapanganib ang pag-iiski dito. Gusto niya ang pag-eehersisyo. Mas gusto ko ang pagsasayaw kaysa sa paglalaro ng golf.
- 22 Mahalaga ang pag-inom ng maraming tubig sa disyerto. Mahalaga ang pag-inom mo ng gamot. Mahalaga ang paghuhugas ng kamay bago ang pagluluto. Mahalaga ang pagdating nang maaga sa airport.
- 23 Bakit po mahalaga ang pag-aaral? Dahil puwede kang mag-aral sa magandang kolehiyo. Bakit po mahalaga ang pagsisipilyo? Dahil magiging mas malinis at maputi ang ngipin mo. Mahalaga ba ang mga papel na ito? Hindi, hindi mahalaga ang mga iyan.
- 24 Naniniwala akong interesante at mahalaga ang matematika. Alam kong mahalaga ang pag-eehersisyo pero naniniwala akong nakakabagot iyon. Alam kong mahalaga ang pagkain ng gulay pero ayaw ko ang mga ito. Naniniwala akong mahalaga at interesante ang pag-aaral ng wikang Filipino.
- 25 Ito ang maling kulay. Ito ang tamang kulay. Iyan ang maling numero ng telepono. Ito ang tamang numero ng telepono.
- 26 Hindi angkop ang mga damit na ito para sa pag-iiski. Angkop ang mga damit na ito para sa paglangoy. Hindi angkop ang bolang ito para sa paglalaro ng golf. Angkop ang bolang ito para sa paglalaro ng soccer. Hindi angkop ang taas ng lamesang ito para sa lalaki. Angkop ang taas ng lamesang ito para sa batang babae.
- 27 Naniniwala akong nasa maling gusali tayo. Iyon ang tamang gusali. Kailangan nating pumunta doon. Ito ang angkop na coat para sa panahong ito. Pero hindi angkop ang sumbrerong iyan para sa panahong ito.
- 28 May reserbasyon tayo ngayong gabi sa bagong restawrang iyon. Naniniwala akong mali ang restawrang ito. Ito ang tamang restawran. Hindi angkop ang mga platong ito. Angkop po ba ang mga platong ito? Oo. Salamat.
- 29 Kung may sapat akong pera, bibilhin ko ito. Kung magiging maaraw, lalangoy ako sa dagat. Kung masasalo niya ang bola, mananalo ang kuponan nila sa laro.
- 30 Bakit po mahalaga ang mag-ensayo? Kung mag-eensayo ka, makakatugtog ka nang maganda. Bakit po mahalagang mag-aral ng wikang Filipino? Kung mag-aaral ka ng wikang Filipino, makakapagsalita ka nito.
- 31 Kung sampu ito, mananalo ako. Dahil pito ito, natalo ako. Kung uulan ng niyebe, mag-iiski tayo. Dahil umulan ng niyebe, mag-iiski tayo. Kung lilinisin ninyo ang kuwarto ninyo, makikipaglaro ako sa inyo. Dahil nilinis ninyo ang kuwarto ninyo, maglalaro tayo.

3.2 Batayang Aralin

- 32 May pera siya.
Wala siyang kahit anong pera.
May itim na buhok ang nobya ko.
Walang kahit na anong buhok ang nobyo ko.
- 33 Hindi siya bumili ng kahit anong bagong damit ngayong taon.
Wala akong binasang kahit anong libro ngayon.
Wala kaming naipanalong kahit anong laro ngayong taglagas.
- 34 Kinain mo na ba ang gulay mo?
Hindi, hindi ko pa po kinain ang gulay ko.
Kainin mo lahat.
Nakilala mo na ba ang mga kaibigan ko?
Hindi, hindi ko pa sila nakikilala.
Ito ang mga kaibigan kong sina Jingle, Rosel, Micaiah, at Mackoy.
- 35 Hindi ko po mahanap ang sapatos ko.
Kung lilinisin mo ang kuwarto mo, marahil mahahanap mo ang mga iyon.
Alam mo ba kung nasaan ang sikat na estatuwa?
Kung pupunta ka sa kabisera, mahahanap mo iyon.
- 36 Paano po ninyo nakilala si Nanay?
Bumibisita ako noon sa Tsina, at nakatira siya doon.
Interesante po bang mag-aral ng wikang Intsik?
Oo. Tinulungan ako ng nanay mong mag-aral nito.
Mahalaga po bang mag-aral ng wikang Intsik?
Oo. Kung nagsasalita ka sa wikang Intsik, makikilala mo ang maraming tao.
- 01 Nakatira siya sa gubat.
Nakabakasyon sila sa gubat.
Nakatira sa disyerto ang lalaking ito.
Nakabakasyon sa disyerto ang pamilyang ito.
- 02 Nakabakasyon ba ngayong tag-araw ang pamilya mo?
Oo, pupunta kami sa isang dalampasigan sa Mexico.
Magaling kang magsalita ng wikang Filipino.
Dito ka ba nakatira?
Hindi. Nakabakasyon ako.
- 03 May dolyar sila pero yen lang ang mayroon ako.
Kumakain siya ng salad at sandwich, pero salad lang ang kinakain ko.
May kutsilyo at tinidor siya, pero tinidor lang ang mayroon ako.
May apat na libro siya, pero tatlong libro lang ang mayroon ako.
- 04 Isa lang po ang sapatos ko.
Kutsara lang po ang kailangan ko.
Isa lang ba ang dinala nating tuwalya?
- 05 Gusto ko ng maraming uri ng gulay, pero karot lang ang gusto ng kapatid ko.
Palaging naka-relo ang tatay ko, pero naka-relo lang ang nanay ko kapag nag-eehersisyo siya.
Kapag nakabakasyon ang pamilya ko, hindi kami kailanman pumupunta sa bundok. Sa dalampasigan lang kami pumupunta.
- 06 Nagbebenta ka ba ng gulay?
Hindi, prutas lang ang ibinebenta ko.
Nagbebenta ka ba ng prutas?
Hindi, gulay lang ang ibinebenta ko.
- 07 Isang uri ng pera ang dolyar.
Isang uri ng pera ang euro.
Isang uri ng pera ang yen.
- 08 Euro lang ang pera ko. Kailangan kong magpapalit ng yen sa Hapon.
Puwede po kayong magpapalit ng inyong euro sa airport.
Kailangan ko ng pound, pero dolyar lang ang mayroon ako.
Puwede po kayong magpapalit ng pera sa bangkong iyon.
Saan ako puwedeng magpapalit ng pera?
Puwede kang magpapalit sa istasyon ng tren.

3.2 Pagpapatuloy

- | | |
|---|---|
| <p>09 Puwede ba akong magpapalit dito ng euro sa dolyar?
Opo, puwede po kayong magpapalit ng euro sa dolyar.
Puwede ba akong magpapalit dito ng yen sa piso?
Opo, puwede po kayong magpapalit ng yen sa piso.</p> | <p>17 Kinukuha niya ang mga kagamitan sa pagkain mula sa kahon.
Kinuha niya ang kanyang polo mula sa kahon.
Inilagay ko na ang aking mga laruan sa kahon.</p> |
| <p>10 Puwede po ba ninyo akong turuang magpapalit ng euro sa dolyar?
Oo. Una, lumapit ka sa taong nakatayo sa likod ng counter.
Sunod, ibigay mo sa kanya ang limang euro.
Tapos, bibigyan ka niya ng dolyar.
Pitong dolyar na ngayon ang limang euro ko.
Ngayon, puwede mo na akong ibili ng tanghalian.</p> | <p>18 Huwag mong dalhin ang itlog nang ganyan.
Dalhin mo ito ng ganito.
Huwag mong dalhin ang knapsack mo nang ganyan.
Dalhin mo ito nang ganito.</p> |
| <p>11 knapsack
knapsack
knapsack
briefcase
briefcase
ATM</p> | <p>19 Walang dapat nangangabayo nang ganito.
Dapat palaging nangangabayo nang ganyan.
Walang dapat nagkukumpuni ng bisikleta nang ganyan.
Ganito dapat magkumpuni.</p> |
| <p>12 knapsack
briefcase
ATM
pera</p> | <p>20 Walang dapat nag-eempake ng kahon nang ganyan.
Dapat nililinis ang briefcase nang ganito.
Walang dapat nagbabasa ng libro nang ganyan.
Dapat nililinis ang sahig nang ganito.</p> |
| <p>13 Mawalang-galang na po. May ATM po bang malapit dito?
Oo, mayroong isa sa tabi ng bangko sa susunod na kalye.
Mawalang-galang na po. May ATM po bang malapit dito?
Pasensiya na. Sa palagay ko, wala.</p> | <p>21 Walang kahit anong espasyo sa ref.
Walang laman ang maleta niya. Marami itong espasyo.
Walang kahit anong espasyo sa kahon.
May sapat na espasyo sa bus para sa pamilya.</p> |
| <p>14 Dala ng lalaki ang briefcase.
Dala ng mga estudyante ang kanilang knapsack.
Dala ng lalaki ang kanyang anak.</p> | <p>22 May sapat bang espasyo sa knapsack mo para sa aking diksiyunaryo?
Wala, pasensiya na. Walang espasyo. Kailangan mong dalhin iyan.
May sapat bang espasyo sa maleta mo para sa sapatos ko?
Oo. Ilagay mo ang mga iyan dito.</p> |
| <p>15 Puwede mo bang dalhin ang briefcase ko?
Pasensiya na. Hindi ko puwedeng dalhin.
Puwede mo bang dalhin ito? Puno ang knapsack ko.
Oo, puwede kong dalhin ito.</p> | <p>23 May espasyo pa ba sa knapsack mo?
Oo, pero kaunti lang ang espasyo.
Gusto mo bang mamili?
Oo, pero kaunti lang ang pera ko. Kailangan kong humanap ng ATM.
Puwede po ba akong humingi ng tsokolate?
Oo, pero kaunti lang.</p> |
| <p>16 Walang laman ang knapsack.
Inilalagay niya ang kanyang mga libro sa kanyang knapsack.
Puno ang briefcase.
Kumukuha siya ng bolpen mula sa kanyang briefcase.
Ipinapasok ko ang card sa ATM.
Kumukuha ako ng pera mula sa ATM.</p> | <p>24 Marami ka bang kinain na cake?
Hindi. Gusto ko pa ng kaunting cake.
Gusto mo pa ba ng tubig?
Oo, pero kaunting tubig lang ang gusto ko.</p> |

- 25 Mawalang-galang na po. Nagsasalita po ba kayo ng wikang Ingles?
Oo, pero kaunti lang ang sinasalita kong wikang Ingles.
Nagsasalita ka ba ng wikang Intsik?
Oo, pero kaunti lang ang sinasalita kong wikang Intsik.
- 26 Magkano ang briefcase na ito?
Sandaang dolyar pero naka-sale ito. Walumpung dolyar na lang ito ngayon.
Naka-sale ba ang maong na ito?
Hindi, hindi naka-sale ang maong na iyan.
Nagkakahalaga iyan ng walumpung euro.
- 27 Naka-sale ba ang sunglass na ito?
Oo, dating walong daang yen iyan, pero limandaang yen na lang iyan ngayon.
Naka-sale ba ang polong ito?
Hindi, hindi naka-sale ang polong iyan.
- 28 Gutom ang babae.
Kung may sandwich lang siya, hindi siya magugutom.
Nakakabagot umupo dito.
Kung may libro lang ako, magiging interesante.
- 29 May payong sila. Hindi sila basa.
Kung may payong lang sila, hindi sila mababasa.
May espasyo ako sa aking knapsack. Dadalhin ko ang kamera mo.
Kung may espasyo ako sa aking knapsack, dadalhin ko ang kamera mo.
- 30 Kung may sandwich ako, hindi ako magugutom.
Kung may ATM malapit dito, may pera na ako ngayon.
Kung umulan pa sana, gaganda pa ang hardin ko.
- 31 Kung may kotse siya, hindi niya kailangang maglakad.
Kung may tiket tayo, mapapanood natin ang laro.
Kung mas marami ang pera niya, ibibili niya ng relo ang kanyang asawa.
Kung mas marami ang espasyo sa maleta ko, ilalagay ko ang bestida mo dito.
- 32 Kapag may ibinibigay sa iyo ang isang tao, isang kagandahang asal ang magsabi ng “salamat.”
Kapag kumakain ka, hindi kagandahang asal ang magsalita.
Kapag may sumasakay na matanda sa bus, isang kagandahang asal ang magbigay ng upuan.
Kapag nasa aklatan ka, hindi kagandahang asal ang magsalita sa celpon.
- 33 Isang kagandahang asal ang magbukas ng pinto para sa mga taong nasa likod mo.
Isang kagandahang asal ang magdala ng bulaklak kapag bumibisita ka sa isang tao sa ospital.
Hindi kagandahang asal ang magsalita sa sinehan.
- 34 May gusto akong bilhin sa bakasyon natin.
Napakamahal ng estatuwang ito,pero kung naka-sale, bibilhin ko.
Mawalang-galang na po. Naka-sale po ba ito?
Hindi ko alam. Tatanungin ko ang manedyer ko.
Oo, naka-sale.
Bibilhin ko.
- 35 Napakalaki. Walang sapat na espasyo sa knapsack ko.
Kung may mas malaki akong knapsack, madadala ko ito.
Dapat akong bumili ng mas malaking knapsack.
Huwag na. Puwede mong ilagay sa maleta ko.
Naniniwala akong may sapat na espasyo dito.
May sapat bang espasyo?
Oo, kasya!

3.3 Batayang Aralin

- 01 Masasaya ang mga bata dahil kumakain sila ng pizza.
Nasa kalan ang pie.
Gumagawa ng pizza ang lalaki.
Napakasarap ng pie ng nanay ko.
- 02 pinagtatlong pie
pinagtatlong pie
pinagtatlong pie
kalahating pie
kalahating pie
isang buong pie
- 03 Kalahating pizza ito.
Pinagtatlong pizza ito.
Pinag-apat na pizza ito.
Isang buong pizza ito.
- 04 Hihiwain nila ang cake.
Hinihiwa niya ang gulay.
Hiniwa ng lalaki ang pizza.
- 05 Hiniwa sa kalahati ng lalaki ang orange.
Hiniwa sa apat ng babae ang dayap.
Hiniwa sa tatlo ng batang lalaki ang pie.
Hinati ng batang babae sa dalawa ang pizza.
- 06 Uminom na siya ng kaunting gatas.
May kumain sa kalahati ng cake.
Hinati sa dalawa ng titser ang papel.
Hiniwa sa apat ng lola ko ang mansanas para sa akin.
- 07 Kinakain ng nobya niya ang kalahati ng orange.
Ibinibigay niya ang isa pang kalahati sa nobyo niya.
Nilalaro ko ang bola.
Nilalaro ng kaibigan ko ang isa pang bola.
- 08 Gusto mo bang hiwain ang pizzang iyan?
Hindi, gusto kong hiwain ang isa pang iyon.
Gusto mo bang ilagay ang mga laruan mo sa kahong ito?
Opo, gusto kong ilagay ang mga laruan sa isa pang ito.
- 09 Isang hiwa ng pizza ito.
Isang buong pizza ito.
Isang hiwa ng pie ito.
Isang buong pie ito.
- 10 Isang hiwang tinapay.
Isang pirasong tinapay.
Isang hiwang keso.
Isang pirasong keso.
- 11 Kumakain ng isang hiwang tinapay ang lalaki.
May hawak na isang buong cake ang babae.
Kumakain ng isang hiwang keso ang batang lalaki.
May hawak na isang buong pie ang batang babae.
- 12 Bilog ang bola.
Kuwadrado ang bahay.
Kuwadrado ang isang hiwang kesong ito.
Bilog ang orasan.
Bilog ang prutas.
Kuwadrado ang isang hiwang tinapay na ito.
- 13 Anong uri ng relo ang gusto mo?
Gusto ko ng relong ganito, pero bilog.
Alin ang painting mo?
Akin ang kuwadradong ito.
- 14 Bilog ang platong ito.
Kuwadrado ang platong ito.
Bilog ang kesong ito.
Kuwadrado ang kesong ito.
Bilog ang lamesang ito.
Kuwadrado ang lamesang ito.
- 15 May timbang na animnapu't limang kilo ang taong ito.
May timbang na tatlong kilo ang sanggol na ito.
May timbang pong sampung kilo ang maleta ninyo.
May timbang na apat na kilo ang asong ito.
- 16 Mas magaan ang timbang ng isang hiwang pie kaysa sa isang hiwang keso.
Mas mabigat ang timbang ng karot kaysa sa bean.
Mas mabigat ang timbang ng isang hiwang cake kaysa sa isa.
Magkasintimbang ang mga limon na ito.
- 17 Magkahalaga ang cake at ang pie na ito.
Mas mahal ang halaga ng karneng manok kaysa sa pizzang ito.
Mas mura ang halaga ng salad kaysa sa sandwich.
- 18 Gaano karaming gatas ang gusto mo?
Gusto ko po ng kasindami ng sa inyo.
Ilang hiwang pizza ang gusto ninyo?
Gusto ko po ng dalawang hiwang pizza.
- 19 Gusto ko ng keso.
Gaano karami ang gusto mo?
Gusto ko ng kalahating kilo.
Gusto ko ng isdang iyon.
Gaano karami ang gusto mo?
Gusto ko ng isang kilo.

- 20 Sinusukat ng lalaki ang supa.
Sinusukat ng babae ang counter.
Binibilang ng babae ang mga bulaklak.
Binibilang ng batang babae ang mga mansanas.
- 21 Binilang mo na ba ang libro mo?
Oo, binilang ko na lahat. May apat na raan at dalawa.
Bakit mo sinusukat ang pader?
Dahil gusto kong maglagay ng lamesa malapit sa pader.
Anong ginagawa mo?
Binibilang ko ang aking tupa.
- 22 Isa't kalahating metro ang tangkad ko.
Dalawampung metro ang taas ng gusaling ito.
Apat na metro ang haba ng pader na ito.
Dalawang kilometro ang haba ng kalyeng ito.
- 23 Gaano kalapad ang kalyeng ito?
Dalawampung metro ang lapad nito.
Gaano kataas ang punong ito?
Sampung metro ang taas nito.
Gaano kalaki ang karpit na ito?
Tatlong metro ang haba at dalawang metro ang lapad nito.
- 24 Gaano ang timbang ng mga patatas?
Limang kilo ang bigat ng mga patatas.
Gaano po kalaki ang lamesa natin?
Isang metro ang lapad at sandaan at limampung sentimetro ang haba ng lamesa natin.
- 25 Gaano kataas ang gusaling ito?
Sandaang metro ang taas ng gusaling ito.
Gaano kataas ang punong ito?
Labinlimang metro ang taas ng punong ito.
- 26 Magkano ang halaga ng mga tiket?
Naniniwala ako na aabot sa sampung dolyar ang halaga ng mga tiket.
Magkano ang mga tiket?
Labindalawang dolyar ang mga ito.
- 27 Ilan pong orange ang nasa punong ito?
Hindi ko alam pero naniniwala akong aabot sa limampu.
Ilang plato ang kailangan natin?
Kailangan natin ng aabot sa sampung plato.
Mainit. Naniniwala akong aabot sa tatlung sentigrado ang temperatura.
Oo, tatlungpu't isang sentigrado ang temperatura.
- 28 Gaano kalapad ang pader na ito?
Aabot sa apat na metro ang lapad nito.
Naniniwala ka bang may bigat na limampung kilo ang anak ko?
Hindi. Naniniwala akong may bigat siyang aabot sa dalawampung kilo.
- 29 Halos siyam na sentimetro ang haba ng bolpen.
Halos siyamnapung dolyar ang halaga ng bestida.
Halos magkasintimbang ang mansanas at ang orange.
Halos kasintangkad ng batang babae ang kapatid niya.
- 30 Gaano po ako katangkad?
Halos isang metro ang tangkad mo.
Gaano po kahaba ang balyena?
Halos tatlung metro ang haba nito.
- 31 Halos sapat na ang tangkad ko para sumakay ng bisikleta.
Halos apat na kilo ang timbang ng patatas.
Halos sapat ang juice namin para sa lahat.
- 32 Pakisukat naman ang sahig.
Limang metro ang haba at apat na metro ang lapad nito.
Pakisukat naman ang pader.
Tatlong metro ang taas at kalahating metro ang lapad nito.
- 33 Pakisukat po ako.
Tumayo ka dito.
Gaano po ako katangkad?
Sandaang sentimetro ang tangkad mo.
- 34 Gaano po ang timbang ko?
Aabot sa tatlungpu't limang kilo ang timbang mo.
Pakitimbang po ako.
Halos tatlungpu't limang kilo ang timbang mo.

3.4 Batayang Aralin

- | | |
|---|--|
| <p>01 disturnilyador
liyabe
plais
martilyo</p> | <p>09 Nasa groseri ang timbangang ito.
Nasa banyo ang timbangang ito.
Gumagamit ng ruler ang batang babae para sukatin ang piraso ng papel.
Gumagamit ng ruler ang nanay ko para sukatin ang bintana.
Nasa labas ang termometrong ito.
Nasa bibig ng batang lalaki ang termometrong ito.</p> |
| <p>02 Gumagamit sila ng martilyo.
Gumagamit siya ng disturnilyador.
Gumagamit ako ng liyabe.
Gumagamit siya ng plais.</p> | <p>10 Ginupit ng titser ang piraso ng papel.
Nakatayo sa timbangan ang batang babae.
May lapis at piraso ng papel ang batang lalaki.
May hawak na termometro ang doktor.
Gumagamit sila ng gunting at tape para kumpunihin ang mapa.
Gumagamit siya ng ruler para sukatin ang pinto.</p> |
| <p>03 Gumagamit ng kutsilyo ang lalaki, hindi ng kutsara.
Gumagamit ng martilyo ang babae, hindi ng plais.
Gumagamit ng brush ang batang babae, hindi ng sipilyo.
Gumagamit ng disturnilyador ang batang lalaki, hindi ng liyabe.</p> | <p>11 Tumayo ka sa timbangan.
Gaano po ang timbang ko?
Limampu't limang kilo ang timbang mo.</p> |
| <p>04 Gumagamit ako ng disturnilyador para kumpunihin ang aking salamin.
Gumagamit siya ng liyabe para kumpunihin ang lababo.
Gumagamit ako ng martilyo para kumpunihin ang supa.
Gumagamit siya ng plais para kumpunihin ang kanyang alahas.</p> | <p>12 Gaano kalapad ang bintana?
Gumagamit ako ng ruler para sukatin iyon;
siyamnapung sentimetro ang lapad.
Anong ginagawa mo sa labas?
Binabasa ko ang termometro.</p> |
| <p>05 Kailangan po ba ninyo ng plais o ng disturnilyador?
Pakibigay sa akin ang plais.
Kailangan po ba ninyo ng liyabe o ng martilyo?
Pakibigay sa akin ang martilyo.</p> | <p>13 martilyo
pako
disturnilyador
turnilyo</p> |
| <p>06 flashlight
flashlight
flashlight
piraso ng papel
piraso ng papel
gunting</p> | <p>14 Bumibili siya ng ilang turnilyo.
Hinahanap niya ang pako.
Marami siyang pako pero kailangan niya ng martilyo.
May turnilyo ako pero kailangan ko ng disturnilyador.</p> |
| <p>07 lapis
lapis
lapis
tape
tape
gunting</p> | <p>15 Kaya po ba ninyo akong tulungang itayo ito?
Oo, kaya ko.
Una, sukatin mo ito gamit ang ruler.
Sunod, gumagamit ka ng martilyo at pako.
Tapos, gumagamit ka ng disturnilyador at turnilyo.
Sa huli, ilagay mo sa hardin.</p> |
| <p>08 May hawak akong piraso ng papel.
Gumagamit siya ng gunting para gupitin ang diyaryo.
Gumagamit ako ng tape para kumpunihin ang aking salamin.
Nagsusulat ako gamit ang lapis.
Gumagamit ng flashlight ang doktor.
Gumagamit ng flashlight ang mga batang lalaki para magbasa.</p> | <p>16 Ilado ang isda.
Sariwa ang orange.
Ilado ang karne ng manok.
Sariwa ang mga dayap na ito.</p> |

- 17 May sariwang isda po ba kayo?
Pasensiya na po. Mayroon lang po kaming
iladong isda.
May sariwang gulay po ba kayo?
Opo. Heto po.
- 18 Hinihiwa niya ang kamatis.
Tinitimbang niya ang saging sa timbangan.
Inilalagay niya ang sariwang kamatis sa pizza.
Gusto ng hayop na ito ang saging.
- 19 Bulok ang saging.
Bubot ang kamatis.
Hinog ang mga mansanas.
- 20 Huwag mong kainin ang mga iyan! Bulok ang
mga iyan.
Malapit na nating kainin ang mga ito pero hindi
pa hinog ang mga ito ngayon.
Kung maghihintay ka ng isang araw pa,
mahihinog na ang mga saging.
Heto ang ilang sariwang kamatis mula sa hardin.
- 21 Bubot ang mga kamatis.
Hinog ang mga kamatis.
Bulok ang mga kamatis.
Bubot ang saging.
Hinog ang saging.
Bulok ang saging.
- 22 Mag-ingat po kayo! Napaka-init ng kape.
Gusto ko ng mainit na sopas.
Gusto ko ng malamig na karneng manok.
Napakalamig ng tubig na ito.
- 23 Malamig ang baso ng juice.
Mainit ang tsaa.
Ilado ang karne.
Bulok ang orange.
Sariwa ang mga kamatis na ito.
Hinog ang saging.
- 24 Nagdadagdag siya ng paminta sa sopas.
Nagdadagdag ako ng asukal sa aking tsaa.
Gumagawa siya ng tinapay.
Gumagawa ako ng pie.
- 25 Gumawa ako ng cake para sa iyong kaarawan.
Nagdagdag na ako ng asukal!
Magdagdag ka ng kaunting asin sa sopas.
Gumagawa kami ng pie.
- 26 Naluluto ang cake sa oven.
Inilalagay ng lalaki ang pizza sa oven.
Inilalagay ng batang babae ang pie sa oven.
Naluluto ang pizza sa oven.
- 27 Gumagawa kami ng tinapay.
Nagdadagdag siya ng asukal sa kanyang mainit
na tsaa.
Nagluluto siya ng pizza sa oven.
- 28 pasta
pasta
pasta
harina
harina
kamatis
- 29 Nagtitimbang ang babae ng tatlong daang gramo
ng harina.
Nagdadagdag ang batang lalaki ng apat na raang
mililitro ng tubig.
Nagtitimbang ang lalaki ng anim na raang gramo
ng pasta.
Nagdadagdag ang batang babae ng siyam na
raang mililitro ng gatas.
- 30 Una, magdagdag ng apat na raang gramo ng
asukal.
Sunod, magdagdag ng dalawang daan at
limampung mililitro ng malamig na gatas.
Tapos, magdagdag ng limang gramo ng asin.
Sa huli, magdagdag ng dalawang daan at
dalawampung mililitrong tubig.
- 31 Pumipili siya ng asul na kurbata.
Pumipili siya ng pasta para sa tanghalian.
Pumipili ako ng sandalyas na isusuot sa
dalampasigan.
Pumipili siya ng bisikleta para mag-arkila.
- 32 Pumili siya ng pinakamaliit na kahon para sa
kanyang mga libro.
Pumipili sila ng sine para ngayong gabi.
Pumipili siya ng amerikana para sa kanyang
kasal.
Pumili siya ng pasta.
- 33 Nagluluto ako ng pasta.
Pumipili kami ng musika.
Kumakain sila ng pasta para sa hapunan.
Pumipili ako ng pulang sapatos.

3.4 Pagpapatuloy

- 34 Puwede po ba ninyo akong turuang gumawa ng cake?
Oo. Una, magtimbang ka ng apat na raang gramo ng harina at tatlong daang gramo ng asukal.
Tapos, magdagdag ka ng sandaan at dalawampung mililitro ng gatas at dalawang itlog.
Sunod, magdagdag ka ng sandaan at limampung gramo ng margarina at isang gramo ng asin.
Sa huli, lutuin mo ang cake sa oven sa loob ng isang oras sa sandaan at walumpung sentigrado.
Masarap po!

3.5 Pananda ng Kahusayan

- 01 Magandang araw.
Magandang araw.
- 02 Kumusta ka?
Mabuti naman ako, salamat.
- 03 Nakilala mo na ba ang anak kong si Johan?
Oo, nakilala ko na ang anak mo. Kumusta ka, Johan?
- 04 Magaling kang magsalita ng wikang Filipino.
Nag-aaral ka ba?
Opo, nag-aaral po kami.
- 05 Sana magustuhan ninyong tumira dito ngayong taglagas!
Salamat.
- 06 Naniniwala akong interesante ang bahay na ito.
Sa palagay ko hindi. Nakakabagot ang bahay na ito.
- 07 Saan mo nakita iyan?
Sa kuwarto ko po.
- 08 Sa palagay po ninyo, para saan ang susing ito?
Hindi ko alam. Dapat nating tingnan.
- 09 Ito ba ang tamang pinto?
Hindi po, hindi ito ang tamang pinto.
- 10 May laman ba ang kahon?
Wala po. Walang laman ang kahon.
- 11 May sapat bang espasyo sa loob para sa atin?
Opo, may sapat pong espasyo para sa atin.
- 12 May flashlight ka ba?
Opo, may flashlight po ako.
- 13 Mapanganib po ba ang insektong ito?
Hindi, hindi mapanganib ang insektong ito.
- 14 Kasya ba ang susi?
Opo, kasya ang susi!

4.1 Batayang Aralin

- 01 Nasa Asya ang India.
Indiano ang babaeng ito.
Nasa Hilagang Amerika ang Mexico.
Mexicano ang lalaking ito.
Nasa Asya ang bansang Hapon.
Haponesa ang batang babaeng ito.
- 02 sumbrerong Amerikano
pastang Italyano
kotseng Aleman
alahas na Mexicano.
- 03 Iaruang Ruso
estatuwang Ehipsyano
damit na Indiano
kotseng Amerikano
- 04 panghimagas na Pranses
painting na Intsik
bundok na Hapones
simbahang Ruso
- 05 restawrang Amerikano
templong Indiano
restawrang Hapones
simbahang Ruso
damit na Ehipsyano
damit na Intsik
- 06 Nagluluto siya ng pagkaing Aleman.
Bumili ako ng pagkaing Italyano.
Nasa lamesa ang pagkaing Ehipsyano.
Kakain sila ng pagkaing Mexicano.
- 07 Anong dinala mo sa salu-salo?
Nagdala ako ng pagkaing Pranses.
Anong dinala mo?
Nagdala ako ng pagkaing Intsik.
- 08 Ikaw ba ang nagdala ng pagkaing Pranses?
Oo, ako ang nagdala ng pagkaing Pranses.
Ikaw ba ang nagdala ng pagkaing Intsik?
Oo, ako ang nagdala ng pagkaing Intsik.
- 09 Anong mga uri ng pagkain ang gusto mo?
Gusto ko ng pagkaing Italyano at Aleman.
Masarap ang pagkaing Aleman, pero mas gusto ko ang pagkaing Italyano.
Puwede tayong pumunta sa Italyanong restawran na ito para sa hapunan.
- 10 mga sundalo
mga sundalo
mga sundalo
reyna
reyna
hari
- 11 Magkikita ang reyna at ang sundalo.
Siya ang reyna ng Britanya.
Isang hari ang nakaupo dito.
Ito ang isinusuot ng hari.
Isang haring Pranses ang tumira dito.
Nagsusulat ng liham ang sundalo sa kanyang pamilya.
- 12 Dati siyang sundalo apatnapung taon na ang nakalipas.
Umaakyat ang mga sundalong ito.
Tumatakbo ang mga sundalong ito.
Kinakausap ng sundalo ang bata.
- 13 Estatuwa ito ng isang sundalong Intsik.
Estatuwa ito ng isang haring Ehipsyano.
Painting ito ng isang sundalo.
Painting ito ng isang reyna.
- 14 Bumoboto ang mga matatanda.
May bumoboto.
Bumoboto ang mga estudyante.
Walang bumoboto ngayon.
- 15 Naghihintay sila sa pila para bumoto.
Bumoboto ang lalaki.
Bumoto na ang babae.
- 16 May halalan ngayon. Bumoboto ang mga tao.
Ibinoto siya ng maraming tao. Naniniwala akong mananalò siya sa halalan.
Natapos na ang halalan. Tapos nang bumoto ang lahat.
- 17 Kahapon ang halalan.
Natalo siya sa halalan.
Nanalo siya sa halalan.
- 18 Nanalo siya noong nakaraang buwan sa halalan.
Presidente na siya ngayon.
Bibisitahin niya ang Europa sa susunod na buwan.
Magkikita sila doon ng Punong Ministro ng Britanya.

4.1 Pagpapatuloy

- 19 Kinakausap ng Punong Ministro ng India ang sundalo.
Dito nakatira ang presidenteng Amerikano.
Dumarating na sa Alemanya ang Punong Ministro ng Britanya.
Sumasagot sa mga tanong ang presidenteng Mexicano.
- 20 Nasa harap ng gusali ang banderang Amerikano.
May hawak na banderang Mexicano ang matandang lalaki.
May hawak na banderang Aleman ang lahat.
Maraming bandera sa gusaling ito.
- 21 Sumasayaw ang mga Mexicano.
Nanonood ng laro ang mga Aleman.
Bumoboto ng presidente ang mga Ruso.
May hawak na bandera ang mga Amerikano.
Naglalaro ng soccer ang mga Italyano.
Gusto niyang manalo sa laro ang mga Pranses.
- 22 Saan ka pupunta?
Boboto ako.
Sinong iboboto mo?
Iboboto ko ang presidente.
- 23 Magkikita ang punong ministro ng India at ang presidente ng Amerika.
Gusto kong maging presidente balang araw.
Binibisita ng punong ministro ng Rusya ang eskuwelahan.
- 24 Gaano katagal nang bumoboto ang mga tao ngayong araw na ito?
Pitong oras na silang bumoboto.
Naniniwala ka bang mananalo si Mr. Ponce?
Oo, naniniwala akong mananalo si Mr. Ponce.
Ibinoto ko siya.
- 25 Nagsusulatan sila ng e-mail sa Internet.
Gumagawa siya ng reserbasyon sa Internet.
May binibili siya sa Internet.
Nagbabasa ako ng magasin tungkol sa India.
Nagbabasa sila ng magasin.
Bumibili siya ng magasin.
- 26 Anong pinapanood mo?
Nanonood ako ng balita.
Anong balita kagabi?
Pinag-usapan nila ang tungkol sa halalan, at ngayon, pinag-uusapan nila ang tungkol sa panahon.
Sinabi ba nila kung sino ang nanalo sa laro ng soccer?
Hindi, pero sasabihin nila.
- 27 Nagbabasa siya ng balita sa magasin.
Nagbabasa ako ng balita sa Internet.
May mahalagang balita sa diyaryo ngayon!
- 28 May balita ba tungkol sa halalan?
Maraming tao ang nasa pila para bumoto.
May balita ba tungkol sa laro?
Nanalo ang mga Brasilyano.
- 29 Nanonood ng laro ang mga lalaki sa telebisyon.
Nanonood ng balita ang babae sa telebisyon.
Nanonood ng interesanteng sine ang mga bata sa telebisyon.
- 30 Nakikinig kami ng balita sa radyo.
Nanonood sila ng balita sa telebisyon.
Nagbabasa ako ng balita sa Internet.
Nagbabasa siya ng balita sa magasin.
- 31 Nabasa mo ba ang balita tungkol sa halalan sa Australia?
Hindi, anong nangyari?
Nanalo si Mr. Lorenzo.
Nabasa po ba ninyo ang balita tungkol sa reyna?
Hindi, anong nangyari?
Binibisita niya ang India.
- 32 Sino po ang nasa telebisyon?
Nasa telebisyon ang punong ministro.
Anong nasa telebisyon?
Nasa telebisyon ang laro.
Ano po ang nasa telebisyon?
Nasa telebisyon ang balita sa panahon.
- 33 Anong balita ngayon?
Ikinasal ang hari.
Anong balita ngayon?
Binisita ng reyna ang ospital.
Ano pong balita ngayon?
Nagkita ang presidente ng Pransiya at ang hari ng Espanya.

4.2 Batayang Aralin

- 01 Nasa maraming wika ang karatulang ito.
Nasa dalawang wika ang librong ito.
Isa itong sinaunang wika.
- 02 Ilang wika ang sinasalita mo?
Nagsasalita ako ng tatlong wika: Ingles,
Espanyol, at Filipino.
Anong wika ang sinasalita niya?
Nagsasalita siya ng wikang Intsik.
- 03 Hindi ko naintindihan ang sinabi niya. Anong
wika ang sinasalita niya?
Nagsasalita siya ng wikang Espanyol.
Naiintindihan mo ba ang sinasabi niya?
Kaunti lang ang naiintindihan ko sa sinasabi niya.
- 04 Anong tawag dito sa wikang Filipino?
Lamesa ang tawag dito sa wikang Filipino.
Anong tawag dito sa wikang Filipino?
Palaka ang tawag dito sa wikang Filipino.
- 05 Anong tawag dito sa wikang Filipino?
Medyas ang tawag dito sa wikang Filipino.
Anong tawag dito sa wikang Filipino?
Kutsara ang tawag dito sa wikang Filipino.
Anong tawag dito sa wikang Filipino?
Libro ang tawag dito sa wikang Filipino.
- 06 Nagtatrabaho ang mga lalaking ito para sa
parehong kumpanya.
Nagtatrabaho ang mga babaeng ito para sa
magkaibang kumpanya.
555-1234 ang numero para sa kumpanyang ito.
- 07 Binili ng kumpanya namin ang gusaling ito.
May salu-salo sa kumpanya.
Maganda ang balita tungkol sa kumpanyang ito.
- 08 Saang kumpanya ka nagtatrabaho?
Nagtatrabaho ako sa kumpanyang Wheeler and
Sons.
Ilang taon ka nang nagtatrabaho doon?
Labindalawang taon na akong nagtatrabaho sa
kumpanyang iyon.
- 09 Gusto nilang maging negosyante.
Negosyante ang nanay niya.
Negosyante ang tatay niya.
Negosyante ang asawa niya.
- 10 Umiinom ng tsaa ang negosyanteng Ehipsyano.
Nag-uusap sa telepono ang mga negosyanteng
Intsik na lalaki at ang mga negosyanteng Intsik
na babae.
May laptop ang negosyanteng Pranses na babae.
Magkikita sa opisina ang mga negosyanteng
Amerikanong babae.
- 11 Isa akong negosyante. Isa rin akong tatay.
Isang musikero ang lalaking ito. Isa rin siyang
titser.
Isa siyang negosyante. Isa rin siyang nanay.
- 12 Isa itong bansa. Isa rin itong kontinente.
Isa akong nanay. Isa rin akong anak.
Nag-eehersisyo ang lalaking ito. Nanonood din
siya ng telebisyon.
- 13 Magaling kang tumugtog ng gitara. Tumutugtog
ka rin ba ng ibang instrumento?
Oo, tumutugtog din ako ng piano.
Nagsasalita ka ng Ingles at Ruso. Nagsasalita ka
rin ba ng ibang wika?
Oo. Nagsasalita rin ako ng Espanyol.
- 14 May aso ka ba?
Oo. May aso ako. May pusa rin ako.
Anong kailangan mong gawin bago maghapunan?
Kailangan kong magluto ng pasta. Kailangan ko
rin gumawa ng salad.
- 15 Kailan kinunan ang litratong ito?
Kinunan ang litratong ito noong nakaraang
taglamig.
Sinong kumuha ng litratong ito?
Kinunan ito ng kapatid ko.
- 16 Gumagawa ako ng cake para sa kaarawan mo.
Ginawa ang cake na ito ngayong umaga.
Nagtatayo ng bahay ang mga taong ito.
Itinayo ang bahay na ito noong nakaraang taon.
- 17 Saan po sinasalita ang Espanyol?
Sinasalita ang Espanyol sa Espanya, Mexico, at
maraming lugar sa Timog Amerika.
Kailan itinayo ang moskeng ito?
Itinayo ang moskeng ito noong taong 1287.
- 18 Kailan po isinulat ang librong ito?
Isinulat iyan noong taong 1998.
Sino pong nagsulat?
Isinulat ito ni Christine Galang.

4.2 Pagpapatuloy

- 19 Nadiskubre ang Antartika noong taong 1820.
Nadiskubre ang templong ito sa Mexico.
Nadiskubre ang mga estatuwang ito sa isang isla.
Nadiskubre ang lungsod na ito sa Timog Amerika.
- 20 Nadiskubre ang mga sinaunang estatuwang ito noong taong 1974.
Ginawa ang cake na ito para sa aming kasal.
Dalawang beses lang minaneho ang kotseng ito.
Isinulat ang librong ito noong taong 1985.
- 21 Kinunan ang litratong ito noong taong 1961.
Itinayo ang simbahang ito noong taong 1250.
Ipinanganak siya sa Beijing noong taong 1950.
- 22 Ginawa ang estatuwang ito sa sinaunang Roma.
Isinulat ang librong ito noong taong 1920.
Isinauli ang mga ski na ito ngayong umaga.
- 23 Sinalo ang bola!
Sinong sumalo sa bola?
Sinalo ni Jerry Rodriguez ang bola.
Kinunan ang litratong ito noong taong 1923.
Sinong kumuha nito?
Kinunan ng lola ko ang litratong ito.
- 24 Sang-ayon ang mga tao sa kung sinong iboboto.
Hindi sang-ayon ang mga tao sa kung sinong iboboto.
Sang-ayon ang lalaki at ang kanyang nobya kung anong sine ang panonoorin.
Hindi sang-ayon ang magkapatid sa kung sino ang nanalo.
Hindi sila sang-ayon sa kung anong kulay ang gagamitin.
Sang-ayon ang mga lalaki sa kung anong kotse ang pinakamaganda.
- 25 Naniniwala akong ito ang pinakamagaling niyang painting.
Hindi ako sang-ayon. Naniniwala akong ito ang pinakamagaling niyang painting.
Naniniwala akong mananalò ang kuponan namin.
Hindi ako sang-ayon. Naniniwala akong kuponan namin ang mananalò.
- 26 Sinong iboboto mo?
Iboboto ko si Luisa Pangilinan.
Bakit mo siya iboboto?
Sang-ayon ako sa kanya.
- 27 Ibinoto ko si Rey Manlangit.
Hindi ko siya ibinoto.
Bakit hindi?
Hindi ako sang-ayon sa sinabi niya sa telebisyon noong isang linggo.
- 28 Magsisimula ang salu-salo ng alas-siyete y medya.
Talaga? Ang alam ko, magsisimula ng alas-otso y medya.
Mahuhuli tayo.
Kahapon ang kaarawan niya.
Talaga? Ang alam ko, ngayon.
Dapat ko siyang tawagan ngayon.
- 29 Alam mo bang nagsasalita ako ng wikang Arabo?
Talaga? Hindi ko alam.
Oo, noong bata ako, tumira ako sa Ehipto.
Ito ang asawa kong si Lynn. Musikera siya.
Talaga po? Napaka-interesante.
Musikero rin po ako.
- 30 Alam po ba ninyong nadiskubre ang Rosetta Stone noong taong 1799?
Talaga? Hindi ko alam.
Opo. Nadiskubre po sa Ehipto, at nasa museo na ngayon.
- 31 Ikakasal na ako.
Talaga? Maligayang bati!
Nanalo po ako!
Talaga? Maligayang bati!
Ipinanganak ang sanggol namin kahapon.
Talaga? Maligayang bati!

4.3 Batayang Aralin

- 01 Napakarami ng tao sa subway.
Kulang ang mga silya para sa lahat ng mga bata.
Napakarami kong librong dala.
Kulang ang computer para sa mga bata.
- 02 Napakaraming tao sa bus na ito.
Napakaraming isda.
Napakaraming kotse sa kalyeng ito.
- 03 Hindi tayo puwedeng lumangoy dito. Kulang ang tubig.
Hindi tayo puwedeng magmaneho dito.
Napakaraming niyebe.
Kumain ako ng napakaraming cake. Ayaw kong maglaro ng soccer.
Hindi tayo puwedeng magmaneho ng napakalayo.
Kulang ang gasolina.
- 04 Hindi ako kumain nang sapat. Gutom ako.
Kumain ako nang sapat. Hindi na ako gutom.
Masakit ang tiyan ko dahil kumain ako ng napakaraming panghimagas.
- 05 Napakaraming kotse dito. Hindi ko makita ang sa akin!
Napakaraming oras kang nanonood ng telebisyon.
Marahil, dapat kang magbasa ng libro.
Gumawa po kayo ng napakaraming pasta. Hindi po natin kayang kainin lahat.
Kulang ang itlog para gumawa ng cake. Puwede ka bang pumunta sa groseri?
Napakaraming tao sa kuwarte.
Kulang ang mga baso.
- 06 Puwede ba kitang kunan ng litrato?
Sige. Saan mo ako gustong umupo?
Gusto mo bang pumunta sa restawran?
Sige. Magkita tayo ng alas-otso ng gabi.
- 07 Napakaganda ng painting na ito.
Magkano po ito?
Nagkakahalaga ito ng tatlong daang dolyar.
Napakamahal. Puwede po ba ninyong ibenta ng mas mura?
Puwede kong ibenta sa iyo ng dalawang daan at walumpung dolyar.
Sige. Bibilhin ko.
- 08 Tumawag ang nobyo mo. Gusto niyang tawagan mo siya mamayang gabi.
Okey. Tatawagan ko ang aking nobyo.
Tumawag ang kapatid mo. Gusto niyang tawagan mo siya ng alas-kuwatro.
Okey. Tatawagan ko ang aking kapatid.
- 09 May biyolin siya.
Nakalimutan niya ang kanyang biyolin.
May sumbrero siya.
Nakalimutan niya ang kanyang sumbrero.
- 10 Nakalimutan niyang magdala ng payong.
Nakalimutan niya ang kanyang libro.
Nakalimutan mo ang iyong medyas!
Nakalimutan mo ang iyong tanghalian!
- 11 Nakalimutan niya ang kanyang susi.
Naalala niya ang kanyang susi.
Nakalimutan niya ang kanyang kape.
Naalala niya ang kanyang kape.
- 12 Naaalala mo ba ang address ni Maria?
Hindi. Pasensiya na. Nakalimutan ko na.
Naaalala mo ba ang numero ng telepono niya?
Oo. 555-2468.
- 13 Naaalala mo ba noong nakatira tayo dito?
Hindi po, hindi ko po naaalala noong nakatira tayo diyan. Sanggol pa po ako noon.
Nakalimutan ko na kung saan natin ito binili.
Hindi mo ba naaalala? Binili natin ito sa Alemanya.
- 14 Frank! Ako si Alex. Naaalala mo pa ba ako?
Oo, naaalala kita! Ito ang asawa kong si Jennifer.
Ikinagagalak kitang makilala, Jennifer. Dati kaming magkaibigan ni Frank sa kolehiyo.
Kaibigan ka ng asawa ko. Ikinagagalak kitang makilala, Alex.
- 15 Naalala mo bang bumoto ngayong umaga?
Hindi, nakalimutan ko.
Huwag mong kalimutang bumoto ngayon!
Okey. Boboto ako pagkatapos ng trabaho.
- 16 Anong natututunan mo sa eskuwelahan?
Natututunan po namin ang tungkol sa mga hayop na nakatira sa dagat.
Interesante ba?
Opo. Naniniwala po akong interesante ang mga balyena at pating.
- 17 Natututunan ng mga babae ang tungkol sa painting.
Natututunan ng mga batang ito ang tungkol sa hayop.
Natututunan ng anak niya ang tungkol sa Brazil.

4.3 Pagpapatuloy

- | | |
|---|--|
| <p>18 Natututunan ng lola niya kung paano gumamit ng computer.
Natututunan ng batang babae kung paano gumawa ng cake.
Natututunan ng sanggol kung paano maglakad.
Natututunan ng batang babae kung paano lumangoy.</p> | <p>25 Natututunan nila ang tungkol sa katimugang Afrika.
Tinuturuan niya sila ng tungkol sa kanlurang Afrika.
Natututunan nila ang tungkol sa silangang Afrika.
Tinuturuan niya sila ng tungkol sa hilagang Afrika.</p> |
| <p>19 Anong natututunan mo sa eskuwelahan?
Natututunan ko po ang tungkol sa Pilipinas.
Natututunan mo bang magsalita ng wikang Filipino?
Opo, natututunan ko po kung paano magsalita ng wikang Filipino.</p> | <p>26 Nakatira ako sa katimugang Italya.
Binibisita namin ang silangang Tsina.
Nakatira siya sa kanlurang Amerika.
Nakatira ang mga hayop na ito sa hilagang Rusya.</p> |
| <p>20 Gusto mo bang matutunan kung paano gumamit ng computer?
Opo, gusto ko pong matutunan kung paano gumamit ng computer.
Gusto mo bang matutunan kung paano lumangoy?
Opo, gusto ko pong matutunan kung paano lumangoy.</p> | <p>27 Nakakain na po ba kayo ng pagkaing Indiano?
Hindi, hindi pa.
Nakakain na po ba kayo ng pagkaing Indiano?
Oo. Nagustuhan ko talaga iyon.</p> |
| <p>21 Nanonood na kami ng balita simula pa ng alas-nuwebe.
Nagsasanay na ako simula pa ng alas-tres.
Nagsusulat na siya sa magasing ito simula pa noong taong 1992.
Tumitira na sila sa bahay na ito simula pa noong taong 1975.</p> | <p>28 Nakapunta ka na ba sa Rusya?
Oo. Dati akong nakatira sa Moscow.
Talaga? Dati akong nakatira malapit sa Moscow!
Hindi pa ako nakapunta ng Rusya, pero gusto kong pumunta doon bilang araw.</p> |
| <p>22 Gaano na po siya katagal naging reyna?
Naging reyna na siya simula pa noong taong 1952.
Gaano ka na katagal naghihintay dito?
Naghihintay na ako dito simula pa ng alas-dose.</p> | <p>29 Kailangan kong magluto ulit ng hapunan.
Kailangan kong maglinis ulit ng sahig.
Kailangan kong maghugas uli ng mga plato.</p> |
| <p>23 Tumitira na ako sa bansang Hapon simula pa noong bata ako.
Tatlumpu't limang taon na kaming kasal ng asawa ko.
Hindi ko pa napapanood ang sineng ito simula pa noong bata ako.
Ipinanganak kami sa India pero tumitira na kami nang tatlong taon sa Britanya.</p> | <p>30 Hindi gumana ang bisikleta ko noong isang linggo.
Gumamit ang asawa ko ng liyabe at plais para kumpunihin iyon.
Ngayon sira na naman ang bisikleta ko.
Naniniwala akong bibili ako ulit ng bagong bisikleta.</p> |
| <p>24 Nakapunta ka na ba sa hilagang Italya?
Hindi, hindi pa ako nakapunta sa hilagang Italya. Ikaw ba?
Oo, nakapunta na ako sa hilagang Italya pero hindi pa ulit simula noong taong 1982.</p> | <p>31 Nanalo ba kayo?
Opo, nanalo po kami ulit!
Nasaan ang libro mo?
Nakalimutan ko po ulit.</p> |
| | <p>32 Naintindihan mo ba ang sinabi ko?
Hindi, puwede mo bang sabihin ulit?
Nakapunta ka na ba sa Tsina?
Oo. Nagpunta ako noong nakaraang taon, at pupunta ako ulit sa susunod na buwan.</p> |
| | <p>33 Kailan ka darating sa New York?
Hindi ko alam. Atrasado ulit ang flight ko.
Nagsanay ka ba ngayong umaga?
Opo, at magsasanay po kami ulit ngayong hapon para sa laro namin bukas.
Gusto mo bang sumakay ulit dito?
Oo! Dapat tayong sumakay ulit dito!</p> |

4.4 Batayang Aralin

- 34 Dinala mo ba ang iyong libro, Tom?
Pasensiya na. Nakalimutan ko ulit!
Huwag mong kalimutang dalhin iyon bukas.
Sige. Hindi ko kalilimutan.
- 35 Gusto mo bang sumama sa akin sa restawrang
Pranses sa Biyernes?
Pasensiya ka na, hindi ako puwede. Kakain ako
ng hapunan kasama ang lola ko sa Biyernes.
Libre ka ba sa Sabado?
Oo, libre ako.
Gusto mo bang manood ng sine?
Sige! Magkita tayo dito ng ala-una ng hapon sa
Sabado.
- 01 Walang sinumang nagdiriwang sa opisina.
Nagdiriwang ang mga babae.
Nagdiriwang ang mga negosyante.
Hindi nagdiriwang ang mga batang lalaki.
- 02 Nagdiriwang sila dahil nanalo sila sa laro.
Nagdiriwang sila dahil kaarawan niya.
Nagdiriwang sila dahil nagtapos na sila ng
kolehiyo.
Nagdiriwang sila dahil apatnapung taon na silang
kasal.
- 03 Nagbakasyon ako sa katimugang Italya nang
isang buwan noong nakaraang taon.
Habang nagbabakasyon ako, binisita ko ang
maraming simbahan at museo.
Nagpunta ako sa Paris para magtrabaho noong
isang linggo.
Habang nandoon ako ng apat na araw, marami
akong nakilalang negosyante.
- 04 Nagbabakasyon ka ba dito?
Hindi. Nandito ako para magtrabaho.
Nagpunta ka ba sa Australia para magtrabaho?
Hindi. Nagbakasyon ako doon.
- 05 Nagbabakasyon siya sa lungsod na ito.
Nandito siya sa lungsod na ito para magtrabaho.
Magbabakasyon sila sa Mexico.
Pupunta sila sa Mexico para magtrabaho.
- 06 Bakit wala ka sa eskuwelahan?
Sarado po ang eskuwelahan. Pista opisyal po
ngayon.
Bakit kayo pupunta sa parke ngayon?
Pista opisyal po ngayon.
- 07 Sa pista opisyal na ito, pumupunta ang mga tao sa
costume party.
Ipinagdiriwang ng mga Mexicano ang pista
opisyal na ito sa Nobyembre.
Sa pista opisyal na ito, ipinagdiriwang ng mga tao
ang Bagong Taon.
- 08 Sundalo na ang anak ko simula pa noong labing-
walong taong gulang siya.
May ilang taong nagdiriwang habang nanonood
ng laro.
Hindi na siya nagsusuot ng amerikana simula pa
noong taong 1975.
- 09 Kailangan ko po bang pumasok sa eskuwelahan?
Oo. Hindi pista opisyal ngayon.
Kailangan ko po bang pumasok sa eskuwelahan?
Hindi. Pista opisyal ngayon.

4.4 Pagpapatuloy

- 10 Sa paradang ito, tumutugtog sila ng musika.
Sa paradang ito, sumasayaw ang mga babae.
Sa paradang ito, may dalang prutas sa mga ulo
nila ang mga babae.
- 11 Bakit po may parada ngayon?
Dahil ipinagdiriwang natin ang Bagong Taon ng
mga Intsik.
Bakit po may parada ngayon?
Dahil nanalo sa lahat ng laro ang kuponan natin
sa soccer!
- 12 Mga estatuwang Hindu ito.
Simbahang Kristiyano ito.
Binibisita nila ang isang templong Buddhist.
- 13 Kumakanta ang lalaking Hudyo sa anak niya.
Nasa moske ang lalaking Muslim.
Nagdiriwang sila ng pistang Hindu.
Nagdiriwang sila ng pistang Buddhist.
- 14 Kailan ipinagdiriwang ang pistang ito ng Hudyo?
Ipinagdiriwang po ang pistang Hudyo na ito sa
tagsibol.
Kailan ipinagdiriwang ang pistang ito ng
Muslim?
Ipinagdiriwang po ang pistang Muslim na ito sa
taglagas.
- 15 Isang Kristiyanong kasal ito.
Isang Hudyong kasal ito.
Isang Hindung kasal ito.
- 16 Bakit po kayo nagdiriwang?
Dahil pistang Kristiyano ngayon.
Bakit po kayo nagdiriwang?
Dahil ikakasal na ang anak ko at ang nobya niya.
- 17 Anong binabasa mo?
Nagbabasa po ako ng tungkol sa pistang Hudyo.
Bakit ka nagbabasa ng tungkol sa pistang Hudyo?
Dahil kasama po akong kakain sa hapunan ng
isang pamilyang Hudyo.
- 18 Handa nang tumugtog ang mga musikero.
Hindi pa handang kumanta ang mang-aawit.
Handa na ba kayong kumain ng hapunan?
Handa nang tumakbo ang mga lalaki.
Halos handa nang pumasok sa opisina ang lalaki,
pero hindi pa handa ang kanyang asawa.
Handa ka na bang sumakay sa kabayo mo?
- 19 Oras nang pumunta sa kasal. Handa ka na ba?
Hindi, hindi pa ako handang pumunta. Malapit na
akong maging handa.
Handa na po akong pumunta sa parada. Oras na
po ba?
Oo, oras na.
- 20 Oras nang pumunta sa salu-salo. Handa ka na ba?
Halos handa na ako. Limang minuto na lang.
Okey. Hihintayin kita sa labas.
Oras na para pumunta sa istasyon ng tren. Handa
ka na ba?
Halos handa na ako. Hindi pa ako tapos mag-
empake ng aking maleta.
Okey, pero kailangan na nating umalis.
- 21 Punta tayong sa parke.
Okey.
Punta tayong sa Rusya sa susunod na buwan.
Okey! Puwede nating bisitahin ang Moscow.
Handa ka na bang pumunta sa teatro?
Oo, handa na ako. Punta na tayong!
- 22 Punta po tayong sa zoo.
Okey. Puwede tayong pumunta ngayong hapon.
Handa ka na bang pumunta sa istasyon ng tren?
Oo, handa na ako. Punta na tayong.
Handa ka na bang pumunta sa parke?
Oo. Punta na tayong!
- 23 Oras na bang pumunta sa parada?
Oo. Punta na tayong sa parada!
Handa ka na bang pumunta sa restawran?
Oo, handa na ako. Punta na tayong.
- 24 Handa ka na bang pumunta sa laro?
Opo, handa na ako. Punta na tayong!
Handa ka na bang pumunta sa teatro?
Oo, handa na ako. Punta na tayong!
- 25 Hello! Maligayang pagdating! Kumusta ka?
Mabuti naman ako.
Kumusta ang bakasyon mo?
Napakaganda.
- 26 Saan ka nagpunta?
Nagpunta ako sa hilagang bansang Hapon at sa
India.
Anong nakita mo sa bansang Hapon?
Habang taglamig sa lungsod na ito, nagtatayo ang
mga Hapon ng mga bahay na gawa sa niyebe.
Talaga? Ang gaganda nila. Nagustuhan mo ba ang
pagkain?
Oo. Napakasarap ng isda.

4.5 Pananda ng Kahusayan

- 27 Pagkatapos kong umalis ng bansang Hapon,
nagpunta ako sa India.
Kaiba ang taxi doon kaysa sa mga taxi dito.
Maraming taong gustong sumayaw at kumanta sa
pistang Indiano.
Sumakay ng elepante sa lungsod ang kaibigan
kong si Joel!
May nakita rin kaming templo sa lawa.
Kumain kami ng tanghalian kasama ang isang
pamilyang Hindu.
- 28 Anong pinakanagustuhan mo sa iyong bakasyon?
Marami akong nakilalang interesanteng tao.
Gusto ko ang maanghang na pagkaing Indiano.
May nakita akong magagandang bundok.
- 29 Nagustuhan ko talaga ang mga litrato mo.
Alam mo bang pupunta ako sa Pilipinas?
Talaga? Pupunta ka ba doon para magtrabaho?
Hindi. Magbabakasyon ako doon.
Kailan ka pupunta?
Pupunta ako sa susunod na buwan.
- 30 Nag-aral ako ng wikang Filipino sa loob ng
tatlong buwan.
May pasaporte ako.
Tapos na akong mag-empake ng maleta ko.
Handa ka na ba?
Oo, handa na ako.
Punta na tayo!
- 01 Handa ka na ba?
Hindi, pero halos handa na ako.
- 02 Magandang araw.
Magandang araw.
- 03 Nandito ba kayo para ipagdiwang ang bagong taon?
Oo, nandito kami para ipagdiwang ang Bagong Taon.
- 04 Taga-Pilipinas ba kayo?
Oo, taga-Pilipinas kami, pero nakatira kami sa
ibang lungsod.
- 05 Mga Pilipino rin ba kayo?
Hindi. Nagbabakasyon kami dito.
- 06 Magaling kang magsalita ng wikang Filipino!
Salamat.
- 07 Ilan ang sinasalita mong wika?
Tatlo: Filipino, Italyano, at kaunting Intsik.
- 08 Naaalala mo ba ang kasal ng haring iyon?
Oo, naaalala ko ang kasal ng haring iyon.
Napakaganda!
- 09 Anong nasa telebisyon?
Nasa telebisyon ang kasal ng hari.
- 10 Oo, naaalala ko. Ito iyong unang lumakad ang tao
sa...sa...anong tawag sa Filipino?
“Buwan” ang tawag sa Filipino.
- 11 Alam mo bang nakakita ako ng isang paradang
kasama ang mga Amerikanong naglakad sa buwan?
Talaga? Hindi ko alam iyon!
- 12 Kailan po ninyo nakita?
Nakita ko noong 1973, noong nagbabakasyon ako
sa Amerika.
- 13 Nanonood ba kayo ng balita?
Oo, nanonood kami ng balita.
- 14 Nanalo ba ang pulang kuponan?
Oo, nanalo ang pulang kuponan.
- 15 Magkano ang mga bandera?
Nagkakahalaga ng labindalawang euro ang mga
bandera.
- 16 Puwede ka bang magbenta nang mas mura?
Hindi ko alam kung puwede akong magbenta
nang mas mura.
- 17 Puwede akong magbenta ng dalawang bandera sa
dalawampung euro. Bibili ka ba ng dalawa?
Oo, bibili ako ng dalawa.
- 18 Salamat.
Walang anuman.
- 19 Handa ka na ba?
Oo, handa na ako!

Alpabeto

A	a	Ñ	ñ
B	b	Ng	ng
C	c	O	o
D	d	P	p
E	e	Q	q
F	f	R	r
G	g	S	s
H	h	T	t
I	i	U	u
J	j	V	v
K	k	W	w
L	l	X	x
M	m	Y	y
N	n	Z	z

The alphabet used in this product is the Filipino alphabet, revised in 1987 when Filipino was designated as the national language by the 1987 Constitution of the Philippines. Filipino is based on Tagalog (the language of the ethnolinguistic group of the same name, and Metro Manila, the country’s political and economic center), as well as other Philippine languages. It also borrows words from both English and Spanish because of the colonial history of the country. The national language has also been called Pilipino from 1959, and was taught in schools as such, until 1987.

The 1987 alphabet contains additional letters C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z, that are not found in the Tagalog alphabet, nor in the Pilipino taught in schools. The new orthography recognizes the “F” in the Cordillera languages, the “V” in Ibanag, and the “J” in Ivatan. Spelling choices in the product reflect common usage of words in Metro Manila, with some foreign words having “Tagalog” or “Pilipino” spelling having been integrated earlier. In other cases, such as “computer” and “soccer,” the English spelling was retained.

Indeks

In this index, each word is followed by the Core Lesson in which it occurs. The number of times that the word appears in the lesson is enclosed in parentheses.

En este índice, cada palabra está seguida por la Lección principal en que aparece. La cantidad de veces que aparece la palabra en cada lección está entre paréntesis.

In diesem Index steht nach jedem Wort die Hauptlektion, in der das Wort vorkommt. In Klammern wird angegeben, wie oft ein Wort in einer Lektion vorkommt.

Dans cet index, chaque mot est suivi de la Leçon principale correspondante. Le nombre de fois où le mot apparaît dans chaque leçon est indiqué entre parenthèses.

In questo indice, ogni parola è seguita dalla Lezione principale corrispondente. Il numero di volte che la parola appare in ogni lezione è indicato tra parentesi.

아래 색인에서 단어 뒤에는 그 단어가 나오는 핵심 학습이 나타나 있습니다. 괄호 안의 숫자는 각 단어가 핵심 학습에 나오는 횟수입니다.

この索引では、各単語の後にはコア・レッスンが記されています。また、コア・レッスンに出てくる各単語の使用回数はカッコの中に記されています。

在此索引中，每个单词后面都跟着出现该单词的“核心课程”。括号中的数字是该单词在该课程中所出现的次数。

aabot	3.3 (7)	ang	1.1 (83), 1.2 (103), 1.3 (39), 1.4 (49), 1.5 (7), 2.1 (76), 2.2 (64), 2.3 (74), 2.4 (85), 2.5 (12), 3.1 (90), 3.2 (66), 3.3 (108), 3.4 (70), 3.5 (13), 4.1 (66), 4.2 (70), 4.3 (43), 4.4 (34), 4.5 (13)
aakyat	2.1 (1)	angkop	3.1 (10)
aalis	2.1 (1), 2.2 (1), 2.3 (1)	anim	1.3 (1), 1.4 (1), 3.4 (1)
address	4.3 (1)	animnapu't	3.3 (1)
Afrika	2.2 (7), 2.3 (7), 2.4 (3), 4.3 (4)	ano	1.4 (3), 2.1 (3), 2.3 (3), 2.4 (1), 4.1 (2)
ahas	2.4 (6)	anong	1.2 (3), 1.4 (21), 1.5 (3), 2.2 (3), 2.3 (11), 2.5 (2), 3.1 (6), 3.2 (2), 3.3 (2), 3.4 (1), 4.1 (10), 4.2 (11), 4.3 (2), 4.4 (3), 4.5 (2)
airport	3.1 (1), 3.2 (1)	Antartika	2.2 (3), 2.3 (2), 2.4 (1), 4.2 (1)
akin	1.3 (1), 1.5 (1), 2.3 (5), 2.4 (3), 3.1 (1), 3.3 (2), 3.4 (2), 4.3 (2)	anuman	2.5 (1), 4.5 (1)
aking	1.1 (1), 1.2 (1), 1.3 (1), 1.4 (9), 2.3 (1), 3.2 (4), 3.3 (1), 3.4 (3), 4.3 (2), 4.4 (1)	apat	1.4 (1), 2.1 (1), 2.2 (1), 3.1 (1), 3.2 (1), 3.3 (9), 3.4 (3), 4.4 (1)
aklatan	1.2 (1), 3.1 (1), 3.2 (1)	apatnapung	4.1 (1), 4.4 (1)
ako	1.1 (10), 1.2 (6), 1.3 (11), 1.4 (17), 1.5 (2), 2.1 (5), 2.2 (12), 2.3 (5), 3.1 (13), 3.2 (12), 3.3 (5), 3.4 (14), 3.5 (2), 4.1 (10), 4.2 (15), 4.3 (20), 4.4 (24), 4.5 (5)	apoy	2.3 (5)
akong	1.3 (4), 2.1 (2), 2.2 (2), 2.4 (2), 3.1 (19), 3.2 (9), 3.3 (3), 3.4 (3), 3.5 (1), 4.1 (2), 4.2 (7), 4.3 (4), 4.4 (7), 4.5 (2)	Arabo	4.2 (1)
ala-una	4.3 (1)	araw	1.4 (10), 2.2 (1), 2.3 (1), 3.4 (1), 3.5 (2), 4.4 (1), 4.5 (2)
alahas	3.4 (1), 4.1 (1)	asawa	1.1 (1), 2.2 (1), 2.5 (2), 3.1 (5), 3.2 (1), 4.2 (2), 4.3 (4), 4.4 (1)
alam	2.1 (28), 3.1 (3), 3.2 (1), 3.3 (1), 3.5 (1), 4.2 (6), 4.3 (1), 4.4 (1), 4.5 (3)	asin	3.4 (3)
alas-singko	2.1 (1)	aso	1.3 (1), 2.1 (2), 2.3 (1), 2.4 (2), 4.2 (2)
alas-tres	1.5 (2), 4.2 (1)	asong	2.1 (1), 2.3 (6), 2.4 (1), 3.3 (1)
alas-onse	2.2 (1)	asukal	1.3 (1), 3.4 (5)
